

Banghay Aralin sa Araling Panlipunan III

Pangalawang Markahan

Pamantayang Pangnilalaman: Naipapamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa impluwensya ng heograpiya sa pagbuo ng pagkakakilanlang kultural, mayamang kultura at pamana ng lahing Pilipino

Pamantayan sa Pagganap: Ang mga mag-aaral ay nakapagpamalas ng pagmamalaki sa sarili at mayamang kultura at pamana ng lahing Pilipino at paggalang sa kultura ng iba

Pamantayan sa Pagkatuto: Nakikilala ang mga wika, kaugalian at sining ng mga pangunahing pangkat etniko at etnolingwistiko ng bansa

Naipaliliwanag kung paano nakakatulong ang pagpapahalaga ng kultura at sining ng mga pangunahing pangkat etnolingwistiko sa pagpapaunlad ng kultura ng bansa

Naipakikita sa pamamagitan ng iba't-ibang sining ang pagpapahalaga sa mga pangunahing pangkat etnolingkwistiko ng bansa

Baitang. Gagawin itong batayan ng guro sa mga tatalakaying leksyon sa Ikatlong Baitang. (Sumangguni sa LM, pahina ____)

Pangganyak

Ipakita ang larawan ng isang mapa ng Pilipinas

Itanong:

Ano ang tatlong panguhahing pulo sa Pilipinas?

Ano ang heograpiya?

Bakit kailangang pag-aralan ang heograpiya ng Pilipinas?

Talakayan

Simulan ang klase sa pagpahayag kung anong ibig sabihin ng heograpiya.

Sabihan ang bawat mag-aaral na gumawa ng “neighborhood map” na nagpapakita sa lokal na heograpiya at kultura. Kailangang ipakita sa pamamagitan ng simbolo ang mga “geographic features” katulad ng simbolo ng gusali, bundok, bulubundukin, parks, mall, natural geographic feature at iba pa. Ipaalam na ang kanilang bahay ay nasa gitna.

Hikayatin na iguhit kung ano ang kanilang makita patungong timog, hilaga, silangan at kanluran. Ang hindi makabuo ng neighborhood map sa kanilang lugar, maaring gawin nila ay ang neighborhood map sa paligid ng paaralan.

Pagtataya

Isalaysay ng mag-aaral ang nagawang “neighborhood map”. Ang laki nito, ang mga gawain sa mga taong namumuhay nito at ang uri ng mga gusali.

Ikalawang Araw

Panimulang Gawain

Awitin ang “Ako ang Pamayanan” Hilimuon pa...toink!

Itanong:

Anong ang tinutukoy sa awit?

Panlinang na Gawain

Sabihin: Dahil nakompleto na ang inyong “neighborhood map” ang gagawin ninyo ngayon ay sulatan ng salaysay tungkol sa inyong kapaligiran. Ang bawat talata ay nagsasagot sa mga sumusunod na tanong:

- a. Anong uri ng mga pananim mayroon ang lugar?
- b. Anong uri ng mga gusali? Ano ang pagkakaiba sa bawat gusali?
- c. Anong uri ng mga gawain? Saan ito nangyayari?

d. Naiba ba ang inyong paligid simula ng kayo ay nanirahan doon? Kung Oo, papaano?

Ibahagi sa mag-aaral ang nagawang mapa at isalaysay sa buong klase. At talakayin ang pagkapareho sa bawat mapa. Paano ito nagpapakita sa lokal na kultura. Ano ang ibig sabihin ng kultura. Paano na impluwensyahan ang sining at kultura ng bayan.

Ikatlong Araw

Balik-aral

Balik-aralan ang mga salaysay sa mga mag-aaral tungkol sa kanilang nagawang mapa kung paano napaliwanang sa salitang heograpiya at impluwensya ng heograpiya sa kultura ng mga tao.

Kasanayang Pagpapayaman

Hatiin sa apat na pangkat ang klase at bigyan ng activity card. Ipasuri ang larawan at ipasagot ang mga tanong sa bawat activity card.

Mga nilalaman sa bawat activity cards.

A. Larawan ang isang lugar ng nasa lungsod, mayroon malalaking gusali, malawak na kalsada, mayroong malaking mall at iba pa.


Mga tanong:

Ano ang nakikita sa ninyo sa larawan?


Anong uri ng pamumuhay mayroon ang mga tao dito?

Gusto ba ninyong mamumuhay dito?

Gumawa ng web diagram



B. Larawan ng mga kapatid nating Muslim sa Mindanao at larawan ng mga kapatid nating Kristyano sa Mindanao.
 Anong uring lugar mayroon sila?
 Paano sila nagkakatulad at nagkakaiba? Gumawa ng Venn Diagram.



C. Larawan ng mga kapatid natin na nakatira sa bulubundukin lugar na mayroong sakahan.

Suriin mabuti ang larawan.
 Anong lugar mayroon sila?
 Anong uring pamumuhay ang mayroon ang mga tao dito?
 Ano ang kanilang ikinabubuhay?

Gumawa ng Jazz chant o kanta tungkol sa pamumuhay sa bukirin.

D. Larawan na mapalit sa baybayin

Anong uring lugar ang inyong nakikita sa larawan?
 Ano ang kanilang ikanabubuhay?
 Gusto ba ninyong mamumuhay dito?

Gumawa nga Graphic Organizer

Makikita sa Lugar	Uri ng Pamumuhay	Pangunahing Produkto

Ikaapat na Araw

Panimulang Gawain

Tawagin ang mga lider ng pangkat. Pabunotin ng flaglet na may katumbas na numero. Sino mang makakuha sa numero 1 ay siyang mauna mag-uulat, tapos ang 2, 3 at 4.

Mga Pag-uulat sa bawat pangkat

- A. Mayroong mga tao na naninirahan sa lungsod at mayroon sa bayan. Ating alamin anong uring pamumuhay mayroon ang mga taong naninirahan sa lungsod. Tawagin natin ang unang pangkat sa kanilang pag-uulat.
- B. Napakinggan na natin ang pamumuhay sa mga taong naninirahan sa lungsod. Ngayon ating namang pakinggan ang pangalawang pangkat para sa kanilang pahayag paano naninirahan ang mga kapatid nating naninirahan sa isang lugar pero nagkaiba ang uri ng kanilang pamumuhay dahil sa kanilang pananampalataya.
- C. Ngayon pakinggan naman nating ang masayang pamumuhay ng mga taong naninirahan sa bukirin sa pamamagitan ng pangatlong pangkat.
- D. Ang pang-apat na pangkat ang mag-uulat sa mga ikinabubuhay ng mga taong naninirahan malapit sa baybayin.

Paglalahat

- Ang sining at kultura ng Pilipinas ay nagkaiba-iba dahil sa pagkakaiba ng pangkat etnolinggwistiko at etniko na matatagpuan sa iba't ibang lugar sa bansa.

Ikalimang Araw

Pagtataya

A. Iguhit ang mapa ng Pilipinas

Tukuyin ang tatlong pangunahing kapuluan. Ipakita ang pangkalahatang pamumuhay sa lugar gamit ang simbolo o geographic figure.

B. Sagutin ang mga tanong

- a. Paano nakaimpluwensya ang heograpiya sa pagbuo ng sining at kultura?
- b. Paano nagkakaiba ang kultura ng mga kapatid nating Pilipino sa Mindanao sa kabila ng pagkakapareho ng kapaligiran at pinagkunang yaman?

Takdang Aralin

Ano-ano ang mga pangkat etniko sa bansa? Isulat sa notebook ang inyong sagot.

Banghay Aralin sa Pagtuturo ng Araling Panlipunan III

Pangalawang Markahan

Ikalawang Lingo

Layunin

- nagagamit nang may kahusayan ang mapang kultura ng Pilipinas; at
- nakikilala ang mga pangunahing pangkat etnolingwistiko at etniko ng bansa

Paksang Aralin: Pagkikilala sa Pangunahing Pangkat Etnolingwistiko at Etniko ng Bansa

Kagamitan:

mga larawan

etnolingwistikong mapa

Pagpapahalaga: Pahalagahan ang bawat pangkat etnolingwistiko at etniko ng bansa

Unang Araw

Pamamaraan

Pangganyak

Batiin ang klase sa ibat-ibang wikang Pilipino.

Halimbawa:

Sa Zambal: Maganday bayomboka komoyo kaganawan. Ombayro siempre komoyo.

Sa Waray-waray:Maupay nga aga. Maupay nga aga liwat.

Madayao; Madayaw na adlaw kaninyo. Madayaw na adlaw isab

Surigaonon: Marajaw na buntag. Marajaw na buntag sab.

Itanong: Naintindihan ba ninyo ang sinasabi ko?

Sabihin:Ang ibig sabihin nito ay “Magandang umaga”. Gusto ba ninyong malaman kung ilang wika mayroon ang bansang pilipinas? Bago nating ipagpatuloy, kumuha muna kayo nga papel fold into three sa unang hanay isulat sa taas ang salitang **alam**, sa sunod na hanay **gustong malaman** at sa huling hanay ang **nalalaman** salitang **etnolingwistiko**. Ang sagutan ninyo muna ay ang unang dalawang hanay. Pagtapos gawin, itago ito at ihanda ang sarili sa talakayan.

Alam	Gustong Malaman	Nalalaman

Talakayan

1. Ayon sa Pambansang Museo ng Pilipinas
May 77 Pangkat-etnolinggwistiko na anahati pa sa 244 na maliliit na grupo
2. Ayon sa UP Baguio
Maymahigit sa 200 pangkat-etnolinggwistiko at 110 rito ay IP/ Katutubong mamamayan Ilocano, Bicolano, Hiligaynon, Binisaya, Waray-waray, chavacano, panggasinensi
3. Sino ang mga IP/ Indigenous People?
Sila ay kasapi ng alinmang pangkat-etnolinggwistiko, may pag-aangkin na sila ang unang nanirahan sa isang lugar at nakapagpanatili ng sariling kultura sa kabila ng kolonyalisasyon/kolonisasyon.
4. Sinasabing pangunahing batayan na pagiging kabilang sa isang pangkat-etnolinggwistiko ay ang WIKA.

minor:pagkakapareho ng kultura, heograpikal na lokasyon, pag-unlad na historical, may parehong pinagmula/ninuno at may parehong pupuntahan sa hinaharap
5. Pangunahing pangkat linggwistiko:

Patataya

Kunin ang ginawang papel na sinulatan sa simula sa klase punan ng sagot ang huling hanay.

Ikalawang Araw

Panimulang Gawain

Batiin ulit ang mag-aaral sa ibat-ibang wika, turuan silang sumagot sa pagbati.

Pangkatang Gawain

Hatin ang klase sa tatlong pangkat. Bawat pangkat ay bigyan ng puzzle ang etnolinggwistkong mapa sa Pilipinas na buhin.

Unang Pangkat: Buhin ang mapang etnolinggwistiko sa Luzon

Pangalawang Pangkat: Buhin ang mapang etnolinggwistiko sa Visayas

Pangatlong Pangkat: Buhin ang mapang etnolinggwistiko sa Mindanao

Ilalahad ng bawat pangkat ang kanilang nabuong puzzle sa malikhaing pamamaraan.

Takdang Aralin

1. Pag-aralan ang etnolinggwistikong mapa.
2. Bawat pangkat ninyo ngayon ay magpapakita ng palabas. Unang grupo ang magkaroon ng Tandem story. Pangalawang grupo ay aawit at Pangatlong grupo ang tutula. Pumili ng wikang Pilipino na nagustuhan ninyo.

Ikatlong Araw

Panimulang Gawain

Sabihin: Ihanda ang sarili sa pagpapakita ng inyong palabas. Bigyan ko kayo sa 5 minuto sa paghahanda.

Pagpapakita ng palabas sa bawat pangkat

Unang Pangkat:

Pangalawang Pangkat:

Pangatlong Pangkat:

Pagkatapos magpakita ng palabas ng bawat pangkat. Ipakita ang Mapang Etnolinggwistiko at tukuyin kung saang banda makikita ang ginagamit na wika sa bawat pangkat.



Paglalahat

- Ipinapakita ng **Mapang Etnolinggwistiko** ang kinalalagyan ng iba't ibang grupong etnolinggwistiko na matatagpuan sa isang partikular na lugar. Ang klase ng mapang ito ay nabibilang sa tinatawag na mapang tematiko kung saan tiyak ang inihahatid na impormasyon. Kaiba ito sa tinatawag na general reference map kung saan mas malawak ang inihahatid na impormasyon tungkol sa isang lugar. Sa pamamagitan ng mapang etnolinggwistiko ay makikita ang distribusyon ng mga tao sa isang lugar batay sa taglay nitong wika at kultura.
- Ang mga taong sama-samang naninirahan sa lugar na may pagkakatulad ang kultura, kasaysayan, wika, at paraan ng pamumuhay ay tinatawag na Pangkat Etniko.

Ikaapat na Araw

Panimulang Gawain

Brainstorming: Ano ang ibig sabihin ng **Pangkat Etniko**? Tanggapin ang lahat na sagot. Isulat ng guro ang lahat na ideya na binigay ng mag-aaral sa pisara.

Talakayan

Pangkat Etniko ang tawag sa mga taong sama-samang naninirahan sa iisang lugar na may sariling wika, kaugalian, tradisyon at paniniwala.

Sa Pilipinas, maraming batayan sa pagkakapangkat-pangkat ng mga tao. Halimbawa ay ang lahing pinagmulan, wika, relihiyon, at pagkakatulad ng kasaysayan.

Pangunahing pangkat etniko mga, Ilokano, Pangasinense, Kapampangan, Bikolano, Bisaya at Moro.

Balikan o Recall

Tingnan ang mga naibigay na ideya tungkol sa salitang pangkat etniko. Ano ang mga ideya na tama.

Paglalahat

- Ano ang Pangkat Etniko?
- Ano-ano ang mga pangunahing Pangkat Etniko?

Ikalimang Araw

Pagtataya

Ano-ano ang pangunahing pangkat linggwistiko sa bansang Pilipinas?

Ano-ano ang pangunahing pangkat etniko sa bansang Pilipinas?

Takdang Aralin

Pag-aralan ang mapang linggwistiko sa inyong LM

Banghay Aralin sa Pagtuturo ng Araling Panlipunan III

Pangalawang Markahan

Ikatlong Lingo

Layunin

- Naituturo sa mapang pisikal ng bansa ang kinaroroonan ng mga pangkat entnolingwistiko at etniko ng bansa
- Natatalakay ang impluwensiya ng heograpiya sa pagkakapangkat-pangkat ng mga Pilipino ayon sa wika, sining, paniniwala at kultura

Paksang Aralin: Igalang ang bawat Pangkat Etnolingwistiko at Etniko ng Bansa

Kagamitan:

etnolingwistikong mapa

Pagpapahalaga: Pahalagahan ang bawat pangkat etnolingwistiko at etniko ng bansa

Unang Araw

Pamamaraan

Pangganyak

Tumawag ng isang pares ng mag-aaral at basahin ang dialogo.



Note: Ipasuot kung mayroon kasuotan na angkop sa bawat nagsasalita.

1.

Ako si Ruel.
Ipinanganak ako sa
Ilocos Sur, Ilokano
ako.

Ako si Mila. Isinilang
ako sa Zambales.
Kabilang ako sa mag-
anak na Ita.

2.



Paglalahad

Itanong:

1. Sino ang unang nagpapakilala? Saan siya nakatira? Anong Pangkat Etniko siya nabibilang?
2. Saan si Mila isinilang? Ano ang kanyang mag-anak?
3. Sino ang Tausug? Saan naninirahan ang mga Tausog?
4. Sino si Gaya? Saan siya isinilang?

Talakayan

Sabihin: Dulot ng pagiging kapuluan ng Pilipinas, ang mga Pilipino ay nabuo mula sa iba't ibang pangkat. Ang bawat pangkat ay may sariling kultura na naging tatak ng kanilang pagkakakilanlan.

Takdang Aralin

Pag-aralan ang mapa sa pangkat etnolinggwistiko at etniko ng bansa.

Please see LM's

Ikalawang Araw

Balik-aral

Sabihin: Tingnan ninyo ulit ang mapang Pilipinas. Ano ang tatlong malalaking pulo?

Paglalahad

Kilala ang mga pangkat etnolinggwistiko at etniko sa bansa gamit ang mapa. Isa-isahin ito. Gumawa nga graphic Organizer

	Luzon	Visayas	Mindanao
Mga Pangkat Etnolinggwistiko at Etniko			

Talakayan

Sabihin: Anong masasabi ninyo sa nagawang graphic organizer Madali ba ninyong matutukoy ang kinaroroonan nga bawat pangkat?

Ano-anong mga pangkat etnolinggwistiko at etniko sa Luzon, sa Visayas at sa Mindanao?

Ikatlong Araw

Paghahanda

Hikayatin ang mga mag-aaral maging aktibo at makilahok sa talakayan. Kunin ang mapang Pilipinas. Ipakita sa mga mag-aaral.

Talakayan

Sabihin: Dito sa mapa matatagpuan natin ang kinaroroonan ng iba't ibang pangkat etnolinggwistiko at etniko sa bansa. Ating talakayin ang uri ng kanilang pamumuhay ayon sa kanilang kinaroroonan. Ang impluwensya ng heograpiya sa kanilang pagkapangkat-pangkat.

Note: Teacher please refer to the LM

Sagutin Mo

Ilarawan ang kinaroroonan ng mga pangkat etnolinggwistiko at etniko na bumubuo sa Pilipinas. Mahalaga ba na makilala at mapag-aralan ang mga kababayang Pilipino at ang kani-kanilang pamumuhay o kultura?

Ikaapat Araw

Maglakbay Tayo

Ihanda ang mga mag-aaral sa paglalakbay.

1. Hatiin ang tatlong malaking pulo ang mapa sa Pilipinas. Idikit sa isang sulok ang Luzon, sa kabilang sulok ang Visayas at ibang sulok naman ang Mindanao sa silid-aralan.
2. Patayoin ang mga mag-aaral sa gitnang silid-aralan at ang guro naman ay tumayo sa harap dala ang flash card na may nakasulat ng iba't ibang pangkat etnolinggwistiko at etniko.
3. Kung ano ang nakasulat na pangkat etnolinggwistiko at etniko na siyang itinaas, ang mga mag-aaral ay lalakad patungo sa sulok kung saang pulo nabibilang ang tinukoy na pangkat.
4. Ang magkamali ay hindi na sasali sa sunod na pagtutukoy.
5. Ang hindi magkamali ang siyang panalo.

Itanong: Nagustuhan ba ninyo ang paglalakbay? Kayo ba ay nasiyahan?

Sabihin: Ang sunod nating gawin ay tulungan natin ang bata na makauwi sa kanilang lugar.

Dalhin Mo Ako

1. Ihanda ang mga cut-out sa iba't ibang pangkat etnolinggwistiko at etniko at isang mapa ng Pilipinas. Idikit ito sa pisara. Sa kabilang dako ng pisara nandoon din ang iba't ibang Pangkat Etnolinggwistiko at etniko.

2. Tumawag ng buluntaryong mga mag-aaral upang tumulong na matunton ang lugar sa bawat pangkat etnolinggwistiko at etniko sa mapa.
3. Kung natuntunan ang lugar, dikit ang cut-out. Gawin ito hanggang ang lahat na mga Pangkat etnolinggwistiko at etniko ay sa nadikit sa wastong lugar ng mapa.

NOTE: Mas maagi kung magkaroon ng background music habang ginagawa ang activity. Itanong: Nasiyahan ba kayo na nakatulong kayong tuntunin ang mga lugar nila? Bakit?

Paglalahat

- Ang Pilipinas ay binubuo ng malalaki at maliliit na mga pangkat etniko
- Ang malalaking pangkat ay Tagalog, Ilokano, Kapampangan, at Bisaya
- Ang mga Negrito at iba pang tribu ay namumuhay sa mga kabundukan at malapit sa tabing-dagat.

Ikalimang Araw

Panimulang Gawain

Balik- aralan ang mga pangkat etnolingwistiko at etniko sa bansa. Tingnan ang mapa para maituro kung saang lugar sila matatagpuan.


Pagtataya

A. Jazz Chant

1. Pangkatin ang mga mag-aaral sa apat. Hikayatin sila na gumawa ng Jazz Chant tungkol sa mga pangkat etnolinggwistiko at etniko sa bansa. Bigyan ng oras sa paghahanda.
2. Tawagin ang grupo na handa ng magparinig sa kanilang Jazz Chant.

B. Kaya Mo Ito

Ilista ang lahat ng Pangkat Etnolinggwistiko at Etniko sa Luzon, Visayas, at Mindanao.



Banghay Aralin sa Pagtuturo ng Araling Panlipunan III

Pangalawang Markahan

Ikaapat na Lingo

Layunin:

- Nakikilala ang mga wika, kaugalian at sining ng mga pangunahing pangkat etnolingwistiko at etniko ng bansa
- Nakikilala ang mga pagpapahalaga ng wika, kaugalian at sining ng mga pangunahing pangkat etnolingwistiko sa pag-uunlad ng bansa
- Naipaliliwanag kung paano nakakatulong ang mga pagpapahalaga ng kultura at sining sa pagpapaunlad ng bansa
- Naipakikita sa pamamagitan ng iba'ibang sining ang pagpapahalaga sa mga pangunahing pangkat etnolingwistiko ng bansa
- Naipagmamalaki ang kultura ng mga Pilipino

Paksang Aralin:

Paksa Kultura, sining at kaugalian na nagpapakilala sa pagiging Pilipino

Sanggunian K to 12 Curriculum Guide
Yaman ng Pilipinas 6 nina Maritez B. Cruz, Julia T. Gorobat at Norma C. Avelino, pp25-28
Kapaligirang Pilipino 4 ni Miranda O. Anda, pah. 249-252

Kagamitan mapa ng pangkat etniko, cut-outs, mga istrip, manila paper, mga larawan, CD ng awiting Ako ay Pilipino at player(Kung mayroon)

Pagpapahalaga Maipagmamalaki ang kultura ng mga Pilipino

Pamaraan

Unang Araw

A. Panimulang Gawain

Balik-aral:

Ipakitang muli sa mga bata ang mapa ng mga pangkat etniko at etnolingwistiko. Tingnan sa mga pahina 4-5 ng LM, unang gawain. Itanong: Ano-ano ang mga pangkat etniko at etnolingwistiko ang nakikilala natin sa nakaraang leksiyon? Anong nag-iisang lahi ang nagbubuo sa lahat ng mga pangkat etniko at pangkat etnolingwistiko?

Pangganyak:

Ipaparinig sa mga bata ang awiting “Ako ay Pilipino”. (kung walang CD ito’y aawitin ng guro)

Tingnan ang sipi ng awitin sa LM pahina 6-7.

Pagkatapos, itanong:

- ❖ Sa awitin, paano inilarawan ang isang Pilipino?
- ❖ Ano-ano ang mga dapat nating ipagmalaki bilang mga Pilipino?

Paglalahad:

- ❖ Pangkat-pangkatin ang mga mag-aaral sa walo. Papagpiliin ang bawat pangkat ng lider, tagasulat at taga-ulat.
- ❖ Pagbigyan ang bawat pangkat ng paksang aralin.
(Basahin sa mga pahina 10-13 sa LM. Piliin muna ng guro ang mga pangkat etniko o etnolinggwistiko na matatagpuan sa kanilang rehiyon bago ang iba.) Bigyan sila ng 15 minuto upang mapag-aralan ang kani-kanilang aralin.

Mga halimbawa ng Pangkat Etniko at Etnolinggwistiko

Unang Pangkat	Pangasinense
Ikalawang Pangkat	Tagalog
Ikatlong Pangkat	kapampangan
Ikaapat na Pangkat	Bisaya
Ikalimang Pangkat	Ilokano
Ikaanim na Pangkat	Bicolano
Ikapitong Pangkat	Zamboangueño
Ikawalong Pangkat	Pilipinong Muslim

Takdang Aralin:

Pag-aralang mabuti ang inyong takda. Maghanda para sa isang pag-uulat.

Ikalawang Araw

A. Panimulang Gawain

- ❖ Itanong: Ano-ano ang mga pangkat etniko at etnolinggwistiko ang napag-usapan natin kahapon? Muling kilalanin sa klase ang walong pangkat at ang kani-kanilang aralin.
- ❖ Ilagay sa tamang basket ang bawat prutas. (Maaaring mga cut-outs ang gagamitin.)Tingnan sa pah 9 ng LM.
- ❖ Ituro sa mga bata ang rap. (Maaaring gumawa ng sariling tono ang guro.)

Pilipinas
(Ni Gng. Raquel C. Solis)

Sa Pilipinas, O kay ganda!
Pangkat etniko’y marami pa

Wika at sining, may kultura,
Kaugaliang magaganda.

- ❖ Itanong: Bakit kaya maganda ang Pilipinas?
- ❖ luugnay ang kani-kanilang mga sagot sa gawaing nakasunod.

B. Panlinang na Gawain

- ❖ Bigyan ng manila paper ang bawat pangkat na may nakahandang Gawain.

Panuto: Kilalanin at isulat ang mga mahahalagang ideya sa talahanayan.

Pangkat etniko/ Pangkat etnolingwistiko	Lugar na Matatagpuan	Wika/ diyalekto	Kaugalian	Sining

- ❖ Magkaroon ng pag-uulat ng bawat pangkat. Masinsinang tatalakayan ng guro ang tungkol sa paksa gamit ang talahanayan.

Ikatlong Araw

A. Panimulang Gawain

- ❖ Gawin Ito.
Panuto: Lagyan ng / (tsek) kung tama at X (ekis) kung mali
_____ 1. Ang bansang Pilipinas ay binubuo ng mga pangkat etniko at etnolingwistiko.
_____ 2. Magkakatulad ang kaugalian ng mga pangkat etniko.
_____ 3. Binubuklod-buklod ang lahat ng mga pangkat etniko at etnolingwistiko sa iisang
_____ diyalekto.
_____ 4. Ang bawat pangkat etniko ay may kaiibang sining.
_____ 5. Magkakaiba ang kani-kanilang pananaw sa buhay.

B. Panlinang na Gawain

- ❖ Sabihin: Maglaro tayo ng “Kami Ito”. Magbigay ako ng isang pariralang naglalarawan ng isang pangkat. Kung sa palagay ninyo ang pangkat na tinutukoy ay ang iyong takdang pangkat, kayo’y tatayo at sabihin nang malakas “Kami Ito”.

1. galing sa hilagang kanluran
2. wika nila'y batayan ng wikang Filipino
3. mandirigmang tumulong sa mga espanyol
4. mga deboto ng Patrong Sto. Nino
(Maari itong dagdagan ng guro)

K. Pangwakas na Gawain

Kasanayang Pagpapayaman

- ❖ Ipagawa sa mga mag-aaral ang gawaing "Match Mo"

Panuto: Itapat ang mga istrip sa wastong larawan. Tingnan ang mga larawan sa pah. 14-15 sa LM.

Mga istrip na itapat sa mga larawan.

1. Respeto sa pambansang awit at watawat
2. Pagmamano
3. Pagsasayaw sa entablado
4. Paligsahan sa Pag-aawit
5. Kasanayan sa pagpipinta
6. Isang museum

- ❖ Wastuhin ang kanilang Gawain. Itanong:

1. Ano ang ipinakita ng mga larawan?
2. Dapat ba nating ipagpatuloy ang mga pagpapahalagang ito hanggang ngayon? Bakit?
3. Paano nakakatulong ang mga pagpapahalagang ito sa pagpapaunlad ng ating kultura?

Ikaapat Araw

A. Panimulang Gawain

- ❖ Itanong: Paano natin ipinakita ang pagpapahalaga ng ating sining at kultura?
Panuto: Buuin ang Venn Diagram. Lagyan ng tamang sagot ang bawat bahagi ng diagram.



B. Panlinang na Gawain

Paglalahat:

Itanong:

Nakakatulong ba ang pagpapahalaga ng kultura at sining ng mga pangkat etniko at etnolinggwistiko sa pagpapaunlad ng bansa? Sa ano-anong paraan?

Pagpapahalaga

- ❖ Dapat ba nating ipagmamalaki ang mga pagpapahalaga nito? Bakit?

K. Pangwakas na Gawain

Paglalatapat

Isasadula sa mga mag-aaral ang gawaing “ Pic Mo, Gawin Mo”

Panuto: Pangkatin ang mga sarili sa tatlong pangkat. Kukuha ng isang istrip na may nakasulat at isasadula ito sa klase.

1. paglahok sa mga programang pangkultura
2. pagmamano sa kamay ng nakakatanda
3. paggamit ng “po” at “opo” sa pakikipag-usap sa nakakatanda

Ikalimang Araw

Pagtataya

A. Kilalanin ang wika at sining ng ilan sa mga pangkat etniko. Buuin ang talahanayan.

Pangkat Etniko	Wika	Kaugalian
	Sinugbuanong Binisaya	
Muslim		
		Pagdiwang ng Sinulog Festival
Ilokano		
	Chavakano	

B. Kilalanin Sila. Sa loob ng malaking kahon ay nakasulat ang iba't ibang pangkat etniko at etnolinggwistiko. Piliin mula rito kung anong pangkat ng tao ang inilarawan sa mga pangungusap sa ibaba. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

Ilokano Bicolano	Cebuano	Tagalog	
Bisaya	Kapampangan	Waray	Ilonggo
Ita	Pangasinense	T'boli	Muslim

1. Karamihan sa kanila ay naninirahan sa mga kapatagan at malapit sa baybayin.
2. Ang kanilang lahi ay nagmula sa mga katutubong nasa kabundukan ng Cordillera.
3. Kilalang matatapang at agresibo sa mga pangkat na Bisaya.
4. Ang Maynila ang kanilang unang panahanan.
5. Ang kanilang wika ay may pagkakahimig sa dayalekto ng mga Indones.
6. Binubuo ito ng Tausug, Maguindanao, Maranao at Samal.
7. Sila ay deboto ng Imaheng Nuestra Senora de Penafrancia.
8. Kilala sa pandarayuhan; karamihan sa kanila ang unang nagpunta sa Hawaii.
9. Sumasamba sila sa mga anito.
10. Ang mga Waray, Cebuano at Masbateno ang ilan sa bumubuo nito.

Banghay Aralin sa Pagtuturo ng Araling Panlipunan III

Pangalawang Markahan

Ikalimang Lingo

Layunin:

- Nakikilala ang mga ninuno ng mga Pilipino
- Nailalarawan ang mga katangiang pisikal ng mga ninunong Pilipino
- Nasasabi ang uri ng pamumuhay ng mga ninunong Pilipino
- Natutukoy ang mga imbensiyon at inobasyong nabuo ng mga sinaunang Pilipino bunga ng kanilang pag-aangkop (coping) sa mga hamong kanilang kinaharap

Paksang Aralin

Paksa: Kultura, sining at kaugalian na nagpapakilala sa pagiging Pilipino

Sanggunian: K to 12 curriculum Guide
Pilipino Ako, Pilipinas ang Bayan Ko 4 ni Helen F. delos Santos at Estrella P. Mercado, pah.156-161
Masipag na Pilipino 3, 86-91
Ang Bagong Pilipino 3 ni Expectacion Castor Gonzales, pah 87-91

Kagamitan: mga tsart, istrip, mga larawan, mga manila paper, pentel pen

Pamaraan

Unang Araw

A. Panimulang Gawain:

Balik-aral:

- ❖ Itanong: Ano-ano ang mga pangkat etniko at etnolinggwistiko ang natutunan ninyo?
- ❖ Ano ang wika ng bawat pangkat?

Pangganyak:

- ❖ Magkakaroon ng “Picture Gallery”. Ipakita rito ang mga larawan ng mga Pilipino na may iba’ibang pisikal na katangian. (Tingnan sa pah. 18-19 ng LM.)
- ❖ Bigyan ng ilang minuto ang mga mag-aaral upang makita ang mga larawan.
- ❖ Itanong: Ano-ano ang nakikita ninyo sa mga larawan?
Ibigay ang pisikal na katangian ng mga Pilipino?
Ano-ano kaya ang mga pinanggalingan ng ating lahi?

Paglalahad:

- ❖ Magkakaroon ng Balitaan sa klase. Pangkat-pangkatin ang mga bata sa tatlo.
 - A. Mga Ita
 - B. Mga Indones
 - C. Mga Malay
- ❖ Bigyan ng mga detalye ng balita ang bawat pangkat. (Tingnan sa pah. 20-23 ng LM)
- ❖ Pag-aralang mabuti ang mga aralin. Kunwari kayo ang tagapagbalita ng telebisyon. Paano ninyo ibabalita sa publiko ang pagdating ng mga ninuno ng mga Pilipino?
- ❖ Bigyan ang mga mag-aaral ng 15 minuto upang magkakaroon ng “brainstorming” tungkol sa kanilang gawain.

Kasunduan: Pag-aralan ang ibinigay na aralin. Tingnan sap ah 24-26 ng LM.
Maghanda sa inyong balitaan bukas.

Ikalawang Araw

A. Panimulang Gawain

- ❖ Gamitin ang mapa na matatagpuan sa pahina 27 ng LM)
- ❖ Pag-usapan sa klase ang mapa at ipatukoy ang pinagmulan ng mga ninunong Pilipino.

B. Paglinang na Gawain

- ❖ Pagbabalita ng bawat pangkat tungkol sa mga unang ninuno.
Unang Pangkat: Mga Ita
Ikalawang Pangkat: Mga Indones
Ikatlong Pangkat: Mga Malay
- ❖ Samantalang nagbabalita ang isang pangkat, ang ibang pangkat ay makinig mabuti at magtala ng mga mahahalagang detalye katulad ng mga sumusunod:
 - Katangiag Pisikal
 - Uri ng Pamumuhay
 - Imbensiyon at Inobasyon

Ikatlong Araw

A. Panimulang Gawain

- ❖ Itanong:
Ano-ano ang iba't ibang unang ninunong Pilipino?
Ano-ano ang pinanggalingan ng mga unang ninuno?
- ❖ Magkakaroon ng "Picture Puzzle".
Pangkatin ang mga mag-aaral sa tatlo. Ipabuo ng bawat pangkat ang isang larawan ng unang ninuno at ipakikilala ana nabuong larawan. Ito rin ang magiging batayan ng pangkat nila para sa susunod nilang gawain.

B. Panlinang na Gawain

Pagtatalakayan

Buuin ang talahanayan Gamitin ang mga istrip na nakahanda.

Ninuno	Katangiag Pisikal	Uri ng Pamumuhay	Imbensiyon at Inobasyon
Mga Ita			
Mga Indones			
Mga Malay			

Mga Istrip:

Bihasa sila sa pangangaso
May kayumangging – kaligatang balat
Dala ang sariling alpabeto
Gumagamit ng apoy sa pagluluto

maitim, pandak at kulot ang buhok
gumawa ng pana at sumpit
“payaw” ang kasuotan nila
dahon ang saplot nila sa katawan

Kasanayang Pagyayaman

- ❖ Wastuhin ang talahanayan sa klase.
- ❖ Itanong:
 1. Ano-ano ang inyong masasabi tungkol sa mga Ita, Indones at Malay?

Ikaapat Araw

A. Panimulang Gawain

- ❖ Balik-aralan ang mga detalyeng nabuo. Ipakitang muli ang nagawa nilang talahanayan. Ipabasa ang nakasulat sa talahanayan.
- ❖ Panuto: Sabihin kung ang pangungusap ay tama o mali.
 1. Maitim, pandak, at kulot ang buhok ng karaniwang Ita.
 2. Indones ang huling pangkat na dumating sa ating bansa.
 3. Ang mga Malay ay may dalang sariling alpabeto.
 4. Higit maunlad ang kultura ng mga Ita kaysa Indones.
 5. Palipat-lipat sila ng tirahan upang maghanap ng ikabubuhay.
- ❖ Ipakita ang mga larawan.
- ❖ Itanong: Ano ang ipinakita ng bawat larawan?

Illus. panahanan
Illus. pamahalaan
Illus. sining at musika
Illus. imbensiyon at inobasyon

B. Panlinang na Gawain

Paglalahat:

Itanong ang mga sumusunod upang makabuo ang mga mag-aaral ng paglalahat sa mga pinag-aralan.

1. Ano-ano ang mga tatlong pangkat ng mga naunang tao sa Pilipinas?
2. Magkatulad ba ang kani-kanilang pisikal na katangian? Bakit?
3. May sarili bang kultura ang mga sinaunang Pilipino?

Paglalapat:

Pangkat in ang mga mag-aaral sa tatlong pangkat.

Panuto: Magbigay ng mga patunay para sa mga sumusunod. Isasadula ito.

Pangkat 1. Naninirahan sa isang pamayanan ang mga unang Pilipino.

Pangkat 2. Mataas ang antas ng sining nila.

Pangkat 3. May pananampalataya ang mga unang Pilipino.

Ikalimang Araw

Pagtataya:

A. Panuto: Basahin ang bawat pangungusap. Isulat ang **Tama** kung totoo ang sinasabi nito at **Mali** kung hindi.

- _____ 1. Magkaiba ang kultura at sistema ng pamumuhay ng mga unang Pilipino.
- _____ 2. Sinasabing ang mga sinaunang taong naninirahan sa Pilipinas ay nakatira sa itaas ng mga puno.
- _____ 3. Sa teorya ni H. Otley Beyer, ang mga Pilipino ay nagmula sa tatlong pangkat ng taong dumating sa Pilipinas.
- _____ 4. Ang tirahan ng mga Ita o Negrito ay yari sa kahoy at kogon.
- _____ 5. Mas maunlad ang mga Malay kaysa mga Ita at Indones.
- _____ 6. Namuhay nang pagalagala ang mga Ita dahil sa paghanap ng pagkain.
- _____ 7. Ang lahing Pilipino ay binubuo ng iba't ibang lahi.
- _____ 8. Makikinis na bato ang mga kagamitang ginamit ng mga unang tao.
- _____ 9. Magkatulad ang mga katangian sa lahat ng mga Pilipino.
- _____ 10. Mahilig sa musika ang mga sinaunang Pilipino.

B. Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Hanapin ang sagot sa loob ng kahon at isulat sa inyong sagutang papel.

Ita	Palawan	Indones
Balangay	Malay	Bathala

- _____ 1. Ang tawag ng mga Tagalog sa pinakamakapangyarihang diyos.
- _____ 2. May pinakamaunlad na kultura.
- _____ 3. Ang ibang tawag sa kanila ay Dumagat, Atya at Baluga.
- _____ 4. Gumamit ng palakol at asarol na yari sa pinatulis na bato.
- _____ 5. Dito makikita ang mga kuwebang tinirahan ng mga unang Pilipino.
- _____ 6. May kulot na buhok at maitim na balat.

- _____ 7. Sinakyan ng mga Malay patungong Pilipinas.
- _____ 8. Mahilig sa musika at may sariling alpabeto.
- _____ 9. Ninuno ng mga Mangyan at Ifugao.
- _____ 10. Ang unang pangkat na dumating pagkaraan ng Panahon ng yelo.

Banghay Aralin sa Pagtuturo ng Araling Panlipunan III

Pangalawang Markahan

Ikaanim na Lingo

Layunin:

- Nakikilala ang mga likas na katangi-tanging ugali ng mga ninunong Pilipino na nakatulong sa pag-unlad ng pamumuhay
- Nailalarawan ang mga likas na katangi-tanging ugali ng mga ninunong Pilipino na nakatulong sa pag-unlad ng pamumuhay
- Nasasabi kung papaano nakakatulong sa pag-unlad ang mga katangi-tanging ugali ng mga ninunong Pilipino
- Naipapakita sa pamamagitan ng sining ang pagpapahalaga sa katutubong kultura at sining
- Naipagmalaki ang mga likas na katangi-tanging ugali ng mga ninunong Pilipino na nakatutulong sa pag-unlad ng pamumuhay sa pamamagitan ng pagsasadula at patalastas

Paksang Aralin:

- Paksa: Kultura, sining at kaugalian na nagpapakilala sa pagiging Pilipino
- Sanggunian: K to 12 curriculum Guide
Masipag na Pilipino 3, pah 94-102
- Kagamitan: mga tsart, istrip, mga larawan, mga manila paper, pentel pen
- Pagpapahalaga: Naipagmamalaki ang mga likas na katangi-tanging ugali ng mga ninunong Pilipino na nakatulong sa pag-unlad ng pamumuhay sa pamamagitan ng pagsasadula nito

Pamaraan

Unang Araw

A. Panimulang Gawain

Balik-aral

Gawin Ito:

Panuto: Alin ang tinutukoy sa bawat bilang? Piliin ang sagot mula sa kahon.

Ita	Palawan	Indones	balangay
Malay			
Magkatulad na uri ng bato at lupa			

1. Ang ibang tawag sa kanila ay Dumagat, Atya at Baluga.
2. May pinakaunlad na Kultura.
3. Dito makikita ang mga kuwebang tinitirahan ng mga unang Pilipino.
4. Isang patunay na ang Pilipinas ay dating karugtong ng Kalupaang Asya.
5. Sinakyan ng mga Malay patungong Pilipinas.

Pangganyak:

Basahin ang maikling tula.

Kami'y Pilipino
(Ni Gng. Raquel Solis)

Kami'y mga Pilipino
Masiyahin sa trabaho
Matiyaga sa gawain,
Likas na malikhain.

Magagalang sa lahat ng kapwa
"Po" at "opo" gamitin lalo't sa matatanda.
Sama-sama sa trabaho, magandang gawin,
Talagang masisipag at matutulungin.

Itanong:

- ❖ Sino ang tinutukoy sa tula?
- ❖ Ano-ano ang mga katangiang taglay ng isang Pilipino?
- ❖ Mabubuti ba ang mga katangiang ito? Bakit?
- ❖ Sa inyong palagay makakatulong ba ito sa pag-unlad ng ating bansa? Paano?

B. Panlinang na Gawain

Paglalahad:

- ❖ Pangkat-pangkatin ang mga mag-aaral sa lima. Pagbigyan ang bawat pangkat ng Paksang Aralin.
- ❖ Basahin ang inyong aralin ng bawat pangkat. Tingnan sap ah. 35-38 ng LM.
Unang Pangkat: Pagkamatapat
Ikalawang Pangkat: Pagkamatulungin
Ikatlong Pangkat: Pagkamatapang
Ikaapat na Pangkat: Pananalig sa Panginoon
Ikalimang Pangkat: Pagkamasipag at Pagkamatiyaga
- ❖ Bigyan ng sapat na oras ang bawat pangkat na makapag-aral sa kanilang paksa.

Kasunduan: Paghandaan ang pagsasadula ng bawat pangkat bukas.

Ikalawang Araw

A. Panimulang Gawain

- ❖ Itanong:
 1. Ano-anong kanais-nais na katangian ang pinag-uusapan natin kahapon?
 2. Paano nakatulong ang mga katangiang ito?
- ❖ Ipabasa ang isang “situationer” at papagbigayin ang mga mag-aaral ng mga puna.

May isang dayuhang negosyante na sumakay ng taxi papuntang Mactan Airport. Nagmamadali ang negosyante. Takot siyang mahuli sa kanyang biyahe. Sa kanyang pagmamadali naiwan niya ang kanyang laptop.

Nakita ito sa mamang drayber nang siya’y pabalik sana sa siyudad. Binalikan niya kaagad ang dayuhan at isinauli ang laptop.

- ❖ Itanong:
 1. Kanino ang laptop na naiwan sa taxi?
 2. Ano ang ginawa ng drayber ng taxi? Bakit kaya?
 3. Anong katangiang ipinakita ng drayber?

B. Panlinang Gawain

- ❖ Pagsasadula ng bawat pangkat. Kilalanin ng ibang pangkat kung anong katangian ang ipinakita sa dula-dulaan. Sabihin kung paano ito nakatulong sa pagpapaunlad ng bansa.

Unang Pangkat: Pagkamatapat at Mapagkatiwalaan
Ikalawang Pangkat: Pagkamatulungin
Ikatlong Pangkat: Pagkamagalang
Ikaapat na Pangkat: Pananalig sa Panginoon
Ikalimang Pangkat: Pagkamasipag at Pagkamatiyaga

Takdang Aralin:

Kapanayamin ang inyong mga magulang. Itanong sa kanila kung ano-ano pang kanais-nais na katangian ang sa tingin nila ay nakakatulong sa pag-uunlad ng bansa.

Ikatlong Araw

A. Panimulang Gawain

- ❖ Itanong:
 1. Ano-anong kanis-nais na katangian ang natutunan ninyo kahapon?
 2. Sa anong paraan nakakatulong ang mga katangiang ito?
- ❖ Gawain: “Modelong Pamaypay”

Panuto: Gawing makulay at modelo ang malaking pamaypay. Itapat ang tama at makulay na istrip na may nakasulat na mga kanais-nais na katangian sa bawat larawan. Kapag tama ka, idikit ang istrip sa modelong pamaypay. Tingnan sap ah. 39-41 ng LM.
Mga istrip:

1. Pagkamatapang
2. Pagkamasayahin sa Trabaho
3. Pagkamatulungin
4. Mahilig sa sining
5. Pagkamadasalin
6. Pagkamalikhain

B. Panlinang na Gawain

- ❖ Bumuo ng limang pangkat. Magpalabunutan. Bawat lider ng pangkat ay bubunot ng mga katangiang gawan ng patalastas.
Pagpipiliang katangian:
 1. Pagkamalikhain
 2. Pagkamasayahin sa Trabaho
 3. Pagtanaw ng Utang na Loob
 4. Magandang Pagpapahalaga sa Pamilya
 5. Pagkamaparaan
- ❖ Bigyan ng sampung minuto ang mga pangkat na makapag-aral at magtatalakayan tungkol sa gagawing patalastas.

Takdang Aralin:

Paghandaan ang patalastas. Gampanan nang mahusay ang magiging papel sa patalastas. Kailangang maipakita ng pangkat ang kahalagahan ng katangiang napili.

Ikaapat Araw

A. Panimulang Gawain

- ❖ Itanong:
 1. Kilalanin ang limang pangkat na nabuo kahapon.
 2. Ano-anong kanais-nais na katangian ang makatutulong sa pagpapaunlad ng bansa?
- ❖ Ipakita sa mga bata ang larawan ng “Punong Pilipino”.
Tingnana sa pah 42 ng LM.

Panuto: Kumuha ng isang bungang cut-out at basahin ang nakasulat nito. Kilalanin kung anong kanais-nais na katangiang ipinahiwatig ng parirala.

Mga Parirala:

1. malaking mag-anak
2. magaan ang kalooban sa paggawa
3. pagsasauli ng nawalang bagay sa may-ari
4. pakikipagsapalaran sa negosyo
5. napipilitang gumawa dahil nito
6. pagsasabay ng mga Gawain
7. madasalin
8. walang takot

B. Panlinang na Gawain

Paglalahad

- ❖ Maghanda ang bawat pangkat sa kani-kanilang patalastas. Gampanan nang buo at nang may husay ang magiging papel sa patalastas. Ipakita ang kahalagahan ng kanais-nais na katangiang napili.
- ❖ Paglalahad ng bawat pangkat.

Pagtatalakay

- ❖ Itanong:
 1. Ano-ano ang mga mabubuting katangian ang binigyang diin sa patalastas. Nakakatulong ba ang mga katangiang ito sa pag-unlad ng pamumuhay ng mga Pilipino? Papaano?

Halimbawa:

- ❖ Pagkamaparaan at Entrepreneurship
- ❖ Magandang Pagpapahalaga sa Pamilya
- ❖ Pagtanaw ng Utang na Loob
- ❖ Pagkamatapang
- ❖ Pagkamalikhain
- ❖ Pananalig sa Panginoon
- ❖ Pagkamatapat

Kasanayang Pagyayaman

- ❖ Basahin ang tulang “Ang mga Huwaran”. (Tingnan sa pah. _____ ng LM.)
- ❖ Ipakilala ang mga kanais-nais na katangiang inilarawan ng tula.
- ❖ Paano sila nakakatulong sa pag-uunlad ng pamumuhay ng mga Pilipino?

Paglalahat

Magbigay ang guro ng mga pamatnubay na tanong upang makabuo ng mahalagang ideya ang mga mag-aaral.

Inaasashang Ideya:

- ❖ Maraming katangian ang mga Piipinong minana nila sa mga ninuno at mga dayuhan.
- ❖ May mga likas na kanais-nais na ugali ang mga Pilipino na nakakatulong sa pag-uunlad ng pamumuhay.

Paglalapad

Itanong: Para sa inyo, ano ang pinakamahalagang katangian? Ilarawan ito sa pamamagitan ng pagdrawing.

Takdang Aralin

Pag-aralan ang natalakay na mga leksiyon. Ihanda ang sarili sa pagsusulit bukas.

Ikalimang Araw

Pagtataya:

A. Panuto: Basahin ang mga pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang katangian ng mga Pilipino na makikita sa bawat pangungusap.

1. Kahit nahihirapan, nakangiti pa rin.
2. Inisa-isa ang pagtutuhog ng maliliit na sigay.
3. Ginawang duyan ang lumang gulong ng dyip.
4. Isinauli ang napulot ng pitaka.
5. Dumalo sa salu-salo ng angkan.
6. Naniniwalang gagaling siya sa kanyang sakit dahil may awa ang Panginoon.
7. Ipinagtanggol laban sa mga nananakit na kaklase ang kaibigang sinasaktan.

B. Panuto: Tukuyin kung anong ugaling Pilipino ang ipinakikita sa sumusunod na sitwasyon.

1. Nagmamadali si Atong na pumasok sa eskwela. Ayaw niyang mahuli sa klase.
2. Nakita niya sa daan ang kaklase niyang si Alma. Marami itong dalang aklat. Mabagal ang paglakad ni Alma. Kahit na nagmamadali si Atong, tinulungan pa rin siya ni Alma.
3. Nadaanan nila ang ilan pa nilang kaklase. Masaya silang naglalakad at nagkukuwentuhan.

4. Sa paaralan, naghahanda ang mga bata para sa isang palatuntunan. Aawit ang pangkat ng mga batang babae. Tutugtog naman ng rondalya ang mga batang lalaki.
5. Maraming panauhin mula sa Department of Education ang manonood ng palatuntunan. Naghahanda ang mga mag-aaral at guro sa pagdating ng mga ito. Nais nilang masiyahan ang mga ito.

C. Panuto: Idrawing ang masayang mukha  kung ang pangungusap at totoo at malungkot na mukha  kung hindi.

- _____ 1. May katangiang pisikal ang mga Pilipino na minana sa mga ninuno at sa ibang dumayong dayuhan.
- _____ 2. Mahalagang tanggapin ng mga tao ang isa't isa kahit ano pa ang pagkakaiba ng anyo nila.
- _____ 3. Likas ng mga Pilipino ang pagkapabaya ng mga Gawain sa tahanan.
- _____ 4. Ang mga Pilipino ay hindi madasalin.
- _____ 5. Masipag at matiyaga ang mga Pilipino.

Banghay Aralin sa Pagtuturo ng Araling Panlipunan III

Pangalawang Markahan

Ikapitong Lingo

Layunin

- Nasasabi ang kaibahan ng ugali o kaugalian at tradisyon
- Naiisa-isa ang ilang kaugalian at tradisyon na nakapagkilanlan ng pagiging Pilipino
- Naiuugnay ang mga impluwensiya ng mga dayuhan sa pag-aangkop (adaptation), pag-angkin (adoption) at pagbabago (change) ng kaugaliang nagpakilala sa pagiging Pilipino
- Naiisa-isa ang ilang tradisyon na nakapagkilanlan ng pagiging Pilipino
- Naiuugnay ang mga impluwensiya ng mga dayuhan sa pag-aangkop (adaptation), pag-angkin (adoption) at pagbabago change ng tradisyong nagpapakilala ng pagiging Pilipino

Paksang Aralin

Paksa: Pagtukoy nga mga pangunahing pangkat etnolingwistiko sa bansa gamit ang mapang cultural ng Pilipinas

Kagamitan: larawan, awit, manila papers

Pagpapahalaga: Pagpapahalaga sa kultura at sining

Pamantayang Pangnilalaman:

Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa impluwensiya ng heograpiya sa pagbuo nga pagkakakilanlang kultural, mayamang kultura at pamana ng lahing Pilipino

Pamantayan sa Pagganap:

Ang mag-aaral ay nakapagpamalas ng pagmamalaki sa sarili at mayamang kultura at pamana sa lahing Pilipino at paggalang sa kultura ng iba

Pamamaraan

Unang Araw

A. Panimulang Gawain

1. Pagganyak

- Magpakita ng kalendaryo. Tanungin ang mga bata kung ano-anong mga araw sa kalendaryo ang alam nilang idineklarang walang pasok. Itanong din kung bakit nakamarka ng pula ang mga araw na ito sa kalendaryo.
- Magkuwentuhan sa kanilang ginagawa sa pagdiriwang ng mahahalagang araw na ibinigay ng mga bata.



B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

- Magpakita ng dalawang grupo ng mga larawan na nagpapakita ng ibat-ibang kaugalian at tradisyon ng mga Pilipino (Halimbawa sa unang grupo mga larawang nagpapakita ng pagmamano, pagkamasayahin, atbp.) at itanong: Ano-ano ang inyong nakita sa larawan?
- Sabihin: Ang mga larawang inyong nakita ay ilan lamang sa mga ugali o kaugalian at tradisyon ng mga Pilipino.

2. Pagtatalakay

- Linangin ang kahulugan ng ugali o kaugalian at tradisyon.
- Pangkat in ang klase sa apat na pangkat. Ang unang dalawang pangkat ay nakatuon sa unang grupo ng larawan samantalang ang ikalawang dalawang pangkat ay nakatuon naman sa ikalawang grupo ng larawan. Sabihin: Para sa unang dalawang pangkat, buuin ninyo ang “concept web” na pinamagatang “Kaugalian.” Gamit ang mga larawan na nakadikit sa pisara sasabihin ninyo ang kahulugan ng kaugalian. Isulat ang inyong mga sagot sa tsart. Para sa ikalawang dalawang pangkat naman buuin ninyo ang “concept web” naman na pinamagatang “Tradisyon”. Ang pangkat na may pinakamaraming nabigay na wastong kahulugan ang mananalò.



(Palala: Gawan ng parehong concept web para sa “Kaugalian”. Maaari ring dagdagan ang bilang ng bilog na nakapalibot sa pamagat ng “concept web”.)

- c. Talakayin ang sagot ng mga bata. Bigyang diin ang kaibahan ng kaugalian at tradisyon.

3. Paglalapat

Sabihin kung ang salitang bibigkasin ng guro ay isang KAUGALIAN o TRADISYON.

1. Pista
2. Pagkamasayahin
3. Pagkamadasalin
4. Santacruzán

4. Paglalahat

Ano ang kaibahan ng kaugalian at tradisyon?

Ano-ano ang ibat-ibang kaugalian nating mga Pilipino? Ang ating ibat-ibang tradisyon?

5. Pagpapahalaga

Dapat ba nating ipagmalaki ang ating ibat-ibang kaugalian at tradisyon?

6. Pagtataya

Punan ang puwang ng tamang salita.

1. Ang magandang pagsagot natin sa mga tanong ay may kasamang _____ at _____.
2. Ang _____ ay ipinagdiriwang natin tuwing Disyembre 25.
3. Ang mag-anak na Pilipino ay _____ sa pagsisimba.
4. Binibisita natin ang puntod ng ating yumaong mahal sa buhay tuwing ika-1 ng _____.

C. Takdang Aralin

Tanungin ang inyong mga magulang kung anong kaugalian ang namana nila sa kanilang mga magulang/ninuno.

Ikalawang Araw

A. Panimulang Gawain

1. Pagbabalik-aral

Tungkol sa pagkakaiba ng kahulugan ng kaugalian at tradisyon.

2. Pagwawasto ng takdang-aralin

3. Pagganyak

- a. Ipaawit ang awiting “Kung Ikaw ay Masaya Tumawa Ka”.
- b. Itanong:
Tungkol saan ang awitin?
Anong magandang kaugalian ang ibinida sa awitin?

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

- a. Ipabasa ang tulang pinamagatang "Pasukan Na" sa mga bata.

Pasukan Na

Pasukan na naman
Halina, halina
Paggising magdasal,
Bumating maganda.
Katawa'y linisin
Pumasok ng maaga
Makinig sa guro
Sa tuwi-tuwina.

'Yan ang Pilipinong
Ugali'y maganda.
Dangal ng magulang,
Sa baya'y pag-asa

- b. Itanong:
Ano tungkol ang tula?
Ano-anong magagandang ugali ng mga Pilipino ang binanggit sa tula?
Taglay mo ba ang mga kaugaliang binanggit sa tula?
Paano ka magiging pag-asa ng bayan?

2. Pagtatalakay

- a. Talakayin ang ibat-ibang kaugalian na nagpapakilala ng mga Pilipino.
Halimbawa:
 1. Masipag at matiyaga
 2. Mahilig makigsapalaran
 3. Pagiging malikhain
 4. Pagiging Relihiyoso
 5. Pagtiwala sa sariling kakayahan
 6. Magalang
 7. Matulungin
 8. Mapamaraan
 9. Magiliw at masayahin
 10. Pagkakabuklod-buklod ng mag-anak
- b. Paghambingin ang ilang makabagong kaugalian na namana natin sa mga dayuhan at ang mga likas na magagandang kaugalian ng mga Pilipino.
Halimbawa:

Likas na Magaganda	Makabagong Kaugalian
1. Pagmamano	1. Paghalik sa pisngi

2. Pangungumusta
3. Atbp.

2. Hi, hello

3. Paglalapat

Pangkatin sa lima o anim na pangkat ang mga bata. Papiliin ang bawat pangkat ng nais nilang kaugaliang Pilipino. Paghandain ang bawat pangkat ng isang maikling palabas o dula-dulaan. Ipalabas sa klase at bigyan ng puna ang bawat pangkat.

4. Paglalahat

Dapat ba nating ipagmalaki ang mga katangiang ipinakita sa dula-dulaan? Bakit? Ginagawa mo ba ang mga ito?

5. Pagpapahalaga

Bakit dapat ipagmalaki ang mga kaugalian natin?

C. Takdang Aralin

Magtala sa inyong kuwaderno ng limang tradisyon nating mga Pilipino. Isulat ang petsa kung kalian natin ito ipinagdiriwang.

Ikatlong Araw

A. Panimulang Gawain

1. Pagbabalik-aral

2. Pagwawasto ng takdang-aralin

2. Pagganyak

- a. Ipaawit sa mga bata ang awiting “Lubi-Lubi”.
- b. Itanong:
 - Ano tungkol ang kantang inawit?
 - Ano-ano ang mga buwan na binanggat sa kanta?
 - Ilang buwan ba meron ang isang taon?
 - Alam mo ba ang ibat-ibang pagdiriwang na nagaganap sa bawat buwan ng taon?

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

- a. Magpakita ng kalendaryo na nakabukas sa buwan ng Enero.
- b. Itanong:
 - Ano ang tawag sa bagay na ipinakita ko?
 - Sa anong buwan ito nakabukas?
 - Ano-anong pagdiriwang ang ginagawa natin sa buwan na ito? (Inaasahang sagot: Bagong Taon, Pista ng Sto. Nino, Pista ng Nazareno, atbp.)
 - Espesyal ba ang mga paghahanda na ginagawa natin sa mga pagdiriwang na ito? Bakit?
 - Ang mga pagdiriwang na ito ba ay ginagawa rin ng mga taga ibang bansa?

2. Pagtatalakay

- a. Talakayin ang ibat-ibang pagdiriwang o tradisyon na ginaganap sa bansa sa buong taon.

Halimbawa:

Mga tradisyong Panrelihiyon

1. Simbang Gabi
2. Pasko
3. Pista ng Nazareno
4. Mahal na Araw
5. Pista ng Bayan
6. Santacruzán
7. Ramadan
8. Hari-rama Puasa

- b. Isa-isahin ang petsa, rason kung bakit ito ipinagdiriwang, at ang mga paraan kung paano ito ipinagdiriwang.

- c. Bigyang diin ang kabutihang dulot ng bawat pagdiriwang o tradisyon sa ating pagkaPilipino gaya ng pagkakaisa at pagkakabuklobbuklod natin.

3. Paglalapat

- a. Magkaroon ng laro na Pinoy Henyo gamit ang ibat-ibang pagdiriwang o tradisyon sa bansa.

4. Paglalahat

Ano-ano ang ibat-ibang pagdiriwang o tradisyon ang nagaganap sa ating bansa?

5. Pagpapahalaga

Paano nakakatulong sa ating mga Pilipino ang ibat-ibang pagdiriwang o tradisyon?

6. Pagtataya

Sabihin kung TAMA o MALI ang ipinahayag ng bawat sitwasyon.

1. Napakaraming handa nina Ginang Cruz. Siyang-siya ang mga bisita nila. Ang hindi nila alam, isinangla nina G. at Gng. Cruz ang kanilang bahay at lupa upang makapaghanda sa pista.
2. Pinuno ni Nitoy ng ibat-ibang pagkain ang kanyang pinggan. Nang mabusog na. iniwan na lang niya ito.
3. Limang libo ang halaga ng gown ng anak ni Aling Meding. Sagala ito sa Santacruzán. Kailangang walang makadaig sa gara ng damit niya ayon kay Aling Meding.
4. Pinaiinom at binibigyan ng pagkain ni Nita ang mga umawit ng pasyon sa kanilang maliit na bisita sa nayon.

C. Takdang Aralin

Magdikit o gumuhit at magkulay ng larawan ng paborito mong pagdiriwang sa kuwaderno.

Ikaapat na Araw

A. Panimulang Gawain

1. Pagbabalik-aral

- a. Anong pagdiriwang o tradisyon ang tinutukoy:
Kaarawan ni Hesus
Kaarawan ng santo ng bayan
Pagpigil sa pagkain ng mga Muslim
Unang araw ng taon o Enero 1
Paghihirap at pagpapako ni Hesus sa krus

2. Pagwawasto ng takdang-aralin

3. Pagganyak

- a. Magkaroon ng dula-dulaan na nagpapakita ng sitwasyon tungkol sa kasalan ng mga intsik kung saan ang mga magulang ang nagdedesisyon kung sino ang magiging asawa ng kanilang anak.
- b. Pagkatapos ng dula-dulaan, itanong:
Ano masasabi ninyo sa sitwasyong ipinakita sa dula-dulaan?
Makatarungan ba ang ginawa ng mga magulang sa kanilang anak?
Kung kayo ang nasa sitwasyon papaya ba kayo sa pasya ng inyong mga magulang?
Nangyayari pa ba sa kasalukuyang panahon ang ipinakitang sitwasyon?

C. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

- a. Sabihin: Ang sitwasyong inyong nakita ay totoong nangyayari noong unang panahon. Tayong mga Pilipino ay nakakuha sa kaugalian o tradisyong ito mula sa mga dayuhan na pumunta at sumakop sa ating bansa.

2. Pagtatalakay

- a. Talakayin ang ibat-ibang tradisyon na nakuha natin sa mga dayuhan, epekto nito sa ating mga Pilipino at paano ito nagbago sa makabagong panahon.
Halimbawa:
Bagong Taon
Mahal na Araw/Kuwaresma/Ash Wednesday
Santacruzán
Pista
Hari-rama Puasa
Atbp.

3. Paglalapat

- a. Magdaos ng isang palatuntunan sa silid-aralan tungkol sa mga pagdiriwang na Pilipino. Isali ang sumusunod na timpalak:
 1. Pagguhit

2. Pag-awit
3. Pagsasayaw
4. Paggawa ng poster

4. Paglalahat

Ano-anong pagbabago ang nangyayari sa ating mga tradisyon mula noon hanggang ngayon?

Ano-ano ang mga kabutihan ang naidulot ng mga pagbabagong ito?

5. Pagpapahalaga

Ano ang kabutihang naidulot sa pagbabago ng ating mga tradisyon sa ating mga Pilipino?

6. Pagtataya

Sagutin:

1. Pagdiriwang na may nagpapaputok na pinaniniwalaang nakakaalis ng malas at namana natin sa mga instik.
2. Pagdiriwang ng pasasalamat ng mga Muslim na nakuha mula sa mga Malayo.
3. Kaarawan ng santo ng bawat lugar.
4. Pagpapalagay ng abo sa noon g mga kristiyano.

C. Takdang Aralin

Humanda sa linguhang pagsusulit bukas.

Ikalimang Araw

A. Panimulang Gawain


1. Pagbabalik-aral

- a. Balik-aralan ang mga leksiyon na napag-aralan sa nakalipas na apat na araw.

2. Pagganyak

- a. Ipaawit ang awiting “Kun Ikaw ay Masaya”.

B. Pagsusulit

A. Iguhit ang  sa papel kung tama ang asal o gawi at  kung mali.

- _____ 1. Magtulong-tulong sa paglinis ng bahay.
- _____ 2. Gumasta ng gumasta habang may pera.
- _____ 3. Huwag lumahok sa mga programa ng pamahalaan.
- _____ 4. Tumawid kahit saan kung walang pulis na nakatingin.
- _____ 5. Tumulong sa mga nangangailangan.

B. Isulat sa sagutang papel ang katangian ng mga Pilipino na ipinakikita sa bawat pangungusap.

- _____ 6. Kahit mahirapan, nakangiti pa rin.

- _____ 7. Ginawang duyan ang lumang gulong ng dyip.
- _____ 8. Isinauli ang napulot na pitaka.
- _____ 9. Dumalo sa salo-salo ng angkan.
- _____ 10. Naniniwalang gagaling siya sa kanyang sakit dahil may awa ang Diyos.

C. Pagtambalin ang Hanay A at Hanay B. Isla tang titik ng tamang sagot sa inyong sulatang papel.

HANAY A

- _____ 11. Tradisyon
- _____ 12. Mahal na Araw
- _____ 13. Pasko
- _____ 14. Santacruzán
- _____ 15. Ramadan

HANAY B

- a. Kaarawan ng Panginoong Hesus
- b. Matatandang kaugaliang minana sa mga ninuno
- c. Binabasa at inaawit ang pasyon sa araw na ito
- d. Banal na mga araw sa mga Muslim
- e. Pagdiriwang sa paghahanap ng krus na pinagpakuan kay Hesus

C. Takdang Aralin

Magdikit o gumuhit at magkulay ng larawan ng paborito mong tradisyon sa kuwaderno.

Banghay Aralin sa Pagtuturo ng Araling Panlipunan III

Pangalawang Markahan

Ikawalong Lingo

Layunin

- Naiisa-isa ang mga pagdiriwang na panrelihiyon at pansibiko na nagbubuklod sa mga Pilipino
- Nailalarawan ang mga kaugaliang kaugnay ng mga pagdiriwang na ito
- Nasasabi kung paano nagkakabuklod ang mga Pilipino sa pamamagitan ng mga pagdiriwang na ito
- Naipapaliwanag kung paano nakatutulong o nakakahadlang sa pag-unlad ng pamumuhay ang mga kaugalian at tradisyon
- Natataya ang papel ng kaugalian at tradisyon sa pagbuo ng pakakakilanlan ng mga Pilipino

Paksang Aralin

Paksa : Pagtukoy nga mga pangunahing pangkat etnolingwistiko sa bansa gamit ang mapang cultural ng Pilipinas

Sanggunian:

Kagamitan: manila paper, meta strips, mga larawan

Pagpapahalaga: Pagpapahalaga sa kultura at sining

Pamantayang Pangnilalaman:

Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa impluwensya ng heograpiya sa pagbuo nga pagkakakilanlang kultural, mayamang kultura at pamana ng lahing Pilipino

Pamantayan sa Pagganap:

Ang mag-aaral ay nakapagpamalas ng pagmamalaki sa sarili at mayamang kultura at pamana sa lahing Pilipino at paggalang sa kultura ng iba

Pamaraan

Unang Araw

A. Panimulang Gawain

1. Pagganyak

- a. Ipabasa o ipaawit ang nakasulat sa tsart:

Kung may pista sa aming bayan
Ang lahat ay nagdiriwang.
May litson bawat tahanan
May gayak pati simbahan.
Paglabas ni Santang Mariang Mahal
Ang lahat ay nagdarasal.
Ang pista sa aming bayan ay ganyan
Ang galak nila walang katapusan.

- b. Itanong:

Anong tradisyon ang naging paksa sa awit/tula na binasa?
Ano-anong mga kaugalian ang ipinakita sa awit/tula?
Paano raw karaniwang ipinagdiriwang ang pista ayon sa awit?

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

- a. Pangkatin ang mga bata sa apat o anim na pangkat. Bingyan ang bawat pangkat ng tsart na may nakadikit na larawan ng pagdiriwang.

Halimbawa:

Mahal na Araw

Sinulog

Araw ng Kalayaan

United Nations Day

- b. Magkaroon ng pangkatang pagsaliksik gamit ang larawang nakadikit sa tsart. Gawing batayan ang mga nakasulat sa tsart:

Pangalan ng Pagdiriwang : _____

Kailan Ipinagdiriwang : _____

Bakit Ipinagdiriwang : _____

Paano Ipinagdiriwang : _____

- c. Atasan ang bawat pangkat na humanda ng tagapag-ulat.

2. Pagtatalakay

- a. Tawagin ang bawat tagapag-ulat ng pangkat na ilahad ang nagawa nilang pagsasaliksik.
- b. Magkaroon ng talakayan sa naging resulta ng pangkatang paglalahad.
- c. Talakayin at bigyang diin na ang pagdiriwang ng ibat-ibang kaugalian at tradisyon sa Pilipinas ay nahahati sa dalawa. Ito ay ang pagdiriwang na panrelihiyon at pagdiriwang na pansibiko.

3. Paglalapat

Sabihin kung ang pagdiriwang na bibigkasin ng guro ay PANRELIHIYON o PANSIBIKO.

1. Pista
2. Araw ng Kalayaan
3. Ash Wednesday
4. Ramadan
5. People power Revolution

4. Paglalahat

Ano-ano ang ibat-ibang pagdiriwang na panrelihiyon at pansibiko ng bansa?

5. Pagpapahalaga

Dapat ba nating ipagmalaki ang ating ibat-ibang kaugalian at tradisyon?

6. Pagtataya

Isulat ang pagdiriwang na panrelihiyon at pansibiko na tinutukoy.

1. Pag-alala sa kaarawan ng patron o santo ng bayan.
2. Pagdiriwang na gaganapin sa Mayo 1.
3. Kaarawan ni Dr. Jose Rizal.
4. Pagdiriwang na ginganap sa Nobyembre 1.

C. Takdang Aralin

Gumupit o gumuhit ng tigdadalawang larawan ng pagdiriwang na panrelihiyon at pansibiko sa kuwaderno.

Ikalawang Araw

A. Panimulang Gawain

1. Pagbabalik-aral
2. Pagwawasto ng takdang-aralin
3. Pagganyak

- a. Magpakita ng video o larawan ng Sinulog sa klase.
- b. Itanong:
Sinong santo ang pinahahalagahan ng pagdiriwang na ito?
Bakit ito naiiba sa iba pang pagdiriwang?
Ang Sinulog ba ay pagdiriwang na panrelihiyon o pansibiko?

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad
 - a. Itanong:

Ano-anong mga pagdiriwang na panrelihiyon pa ang ipinagdiriwang natin?

2. Pagtatalakay

a. Talakayin ang ibat-ibang pagdiriwang na panrelihiyon sa bansa.

Halimbawa:

1. Bagong Taon
2. Pasko
3. Pista ng bayan
4. Santacruzán
5. Ramadan
6. Hari-aya Puasa
7. Mahal na Araw
8. Araw ng mga Patay
9. Pista ng Quiapo
10. Ati-atihan
11. Atbp.

3. Paglalapat

a. Gumawa ng larawan ng isang pamayanan. Ipakita ang pagdiriwang ng isang tradisyong panrelihiyon.

1. Bumuo ng lima na pangkat. Pumili n glider.
2. Gamit ang ginupit na mga larawan ng simbahan, bahay, plasa, tao, atbp., ilarawan/idikit sa manila paper ang isang tradisyong panrelihiyon.
3. Kulayan kung kailangan.
4. Lagyan ng pamagat.

b. Pag-usapan sa klase ang nabuong larawan ng bawat pangkat.

4. Paglalahat

Ano-ano ang ibat-ibang pagdiriwang na panrelihiyon ng bansa?

5. Pagpapahalaga

Nakabubuti ba sa ating mga Pilipino ang ibat-ibang pagdiriwang na panrelihiyon sa bansa?

6. Pagtataya

Isulat ang TAMA o MALI sa patlang.

1. Malakas na ingay at pagpapaputok kung bagong taon
2. Napakaraming handa kung pista
3. Paghingi ng kapalit sa mga ibinigay
4. Pangungutang upang makapaghanda sa pista
5. Pagsasakripisyo tuwing mahal na araw

C. Takdang Aralin

Gumupit ng tatlong larawan ng pagdiriwang na pansibiko at idikit ito sa kuwaderno.

Ikatlong Araw

A. Panimulang Gawain

1. Pagbabalik-aral
2. Pagwawasto ng takdang-aralin
3. Pagganyak

a. Itanong:

Ano ang iyong pinakahihintay na araw sa buong taon?

Anong mararamdaman mo kung walang nakaalala ng araw na iyon?

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

a. Magpakita ng larawan ni Dr. Jose Rizal.

b. Itanong:

Sino ang nasa larawan? Kilala nyo ba siya?

Bakit siya itinanghal na Pambansang Bayani?

Ano-ano ang mga nagawa niya para sa ating bansa?

Kailan ipinagdiriwang ang Rizal Day?

2. Pagtatalakay

a. Talakayin ang ibat-ibang pagdiriwang na pansibiko sa bansa.

Halimbawa:

1. Araw ng Kalayaan
2. Araw ni Jose Rizal
3. Araw ni Andres Bonifacion
4. Araw ng Paggawa
5. Araw ng Nagkakaisang Bansa
6. Araw ng pag-aalaala sa Rebolusyong Edsa
7. Kaarawan ni Manuel L. Quezon
8. Araw ng Kalayaan
9. Atbp.

b. Bigyang pokus sa talakayan ang petsa at mahahalagang pangyayari na naganap sa bawat pagdiriwang.

3. Paglalapat

Kung ikaw ang papipiliin, alin sa mga pagdiriwang na pansibiko na tinalakay ang pinakagusto mo? Bakit?

4. Paglalahat

Ano-ano ang ibat-ibang pagdiriwang na panrelihiyon ng bansa?

5. Pagpapahalaga

Nakabubuti ba sa pag-unlad ng ating bansa ang ibat-ibang pagdiriwang na pansibiko.

6. Pagtataya

Isulat ang sagot sa inyong sulatang papel.

1. Sino ang bayani na inaalala tuwing ika-30 ng Nobyembre?
2. Kailan ipnagdiriwang ang Araw ng Kalayaan?
3. Sino ang tinagurian ama ng himagsikan?
4. Ano ang ipnagdiriwang sa tuwing ika-25 ng Pebrero?

C. Takdang Aralin

Pangkatin ang mga bata at atasan silang magdala ng mga kagamitan at kasuotan para sa dula-dulaan.

Unang Pangkat	- pista
Ikalawang Pangkat	-santacruzian
Ikatlong pangkat	-people power revolution
Ikaapat na pangkat	-Araw ng Kalayaan

Ikaapat na Araw

A. Panimulang Gawain

1. Pagbabalik-aral
2. Pagwawasto ng takdang-aralin
3. Pagganyak
 - a. Ipaawit sa mga bata ang awiting “Ako ay Isang Pamayanan”.
 - b. Itanong:
Ano ang mensaheng nais ipahiwatig ng awitin?

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad
 - a. Pangkatin ang mga bata ayon sa pangkat na ibinigay sa takdang aralin.
 - b. Bigyan ang bawat pangkat ng ilang minuto na mag-insayo para sa dula-dulaan na itatanghal nila:

Unang Pangkat	- pista
Ikalawang Pangkat	-santacruzian
Ikatlong pangkat	-people power revolution
Ikaapat na pangkat	-Araw ng Kalayaan
2. Pagtatalakay
 - a. Pagtatanghal ng dula-dulaan.
 - b. Talakayin ang ibat-ibang ipinakikitang kaganapansa dula-dulaan.
 - c. Bigyang pokus ang mahahalagang naidudulot ng bawat pagdiriwang kagaya ng pagkakabuklod-buklod ng mga Pilipino gayunman ang negatibong epekto ng

mga ito sa kaunlaran kagaya ng pangungutang ng pera para makapaghanda sa pista.

- d. Bigyang halaga din ang pagkakakilanlan ng mga Pilipino sa pagkakaroon ng mga pagdiriwang na ito.

3. Paglalahat

Nakabubuti ba o nakakahadlang sa pamumuhay ng mga Pilipino ang ibat-ibang kaugalian at tradisyon? Ipaliwanag?

C. Takdang Aralin

Ano-anong tradisyon/pagdiriwang ang ipinagdiriwang ng inyong pamilya taon-taon?

Ikalimang Araw

A. Panimulang Gawain

1. Pagbabalik-aral

- a. Balik-aralan ang mga leksiyon na napag-aralan sa nakalipas na apat na araw.

2. Pagganyak

- a. Ipaawit ang awiting “Kun Ikaw ay Masaya”.

B. Pagsusulit

A. Isulat ang titik ng tamang sagot sa inyong sulatang papel.

1. Alin sa mga sumusunod ang pagdiriwang na panrelihion?

- a. Mahal na Araw
- b. Araw ng Paggawa
- c. Araw ng Kagitingan

2. Sino ang nakikiisa sa pagdiriwang ng pista?

- a. Ang batang maghapon ng natutulog.
- b. Ang batang nagdarasal sa simbahan.
- c. Ang batang tumutulong sa paggawa ng banderitas.

3. Aling pagdiriwang ang may kaugnayan sa pag-alaala sa pagsilang kay Hesukristo?

- a. Pasko
- b. Santacruzán
- c. Pista ng Bayan

4. Bakit mahalagang alalahanin ang ipinagdiriwang tuwing ika-12 ng Hunyo taon-taon?

- a. Bilang pag-alaala sa Araw ni Rizal
- b. Bilang pag-alaala sa Araw ng Kalayaan

- c. Bilang pag-alaala sa araw ng Paggawa
5. Ang kilalang Ama ng Wika ay si
 - a. Emilio Aguinaldo
 - b. Jose Rizal
 - c. Manuel L. Quezon
 6. Pinararangalan kung pista ang _____.
 - a. Reyna ng pagdiriwang ng pista
 - b. Mahal na patron ng bayan
 - c. Pinuno o alkalde ng bayan
 7. Ang banal na buwan para sa mga muslim ay ang _____.
 - a. Ramadan
 - b. Har-aya Puasa
 - c. Mahal na Araw
 8. Ginugunita natin tuwing ika-12 ng huno ang _____.
 - a. Kaarawan ni Jose Rizal.
 - b. Araw ng Kalayaan
 - c. Ang kaarawan ni Emilio Aguinaldo
 9. Sa buwan ng Agosto naman natin ipinagdiriwang ang _____.
 - a. Kamatayan ni Ramon Magsaysay
 - b. Kapanganakan ng Birhen Maria
 - c. Buwan ng Wika
 10. Pinakamasaya at pinakamahabang pagdiriwang sa mga Kristiyano ang _____.
 - a. Bagong Taon
 - b. Pasko
 - c. Mahal na Araw
- B. Isulat ang PR kung ang pagdiriwang ay panrelihiyon at PS kung pansibiko.
- _____ 11. Mahal na Araw
 - _____ 12. Araw ng Kagitingan
 - _____ 13. Araw ni Jose Rizal
 - _____ 14. Pistang Bayan
 - _____ 15. Santacruzán
 - _____ 16. Buwan Ng Wika
 - _____ 17. Simbang Gabi
 - _____ 18. Ramadan
 - _____ 19. Araw ng Paggawa
 - _____ 20. Hari-aya Puasa

C. Takdang Aralin

Gumawa ng album ng ibat-ibang pagdiriwang na panrelihiyon at ibat-ibang pagdiriwang na pansibiko.

Pangalawang Markahan

Ikasiyam na Lingo

Layunin

- Nasasabi na ang Pilipinas ay isang maganda at makasaysayang bansa
- Naiisa-isa ang mga pangunahing makasaysayang lugar at pamanang kultural ng mga Pilipino
- Natutukoy ang kinaroroonan ng mga pangunahing makasaysayang lugar sa bansa
- Naituturo sa mapa ang pinagmulan at kasaysayan ng pangunahing makasaysayang lugar at pamanang kultural ng mga Pilipino

Paksang Aralin: Ang katutubong kultura at sining ng mga Pilipino sa ibat-ibang lugar

Sanggunian: Katangiang Pilipino 2 ni Menardo O. Anda, Matapat na Pilipino 1 ni Grace Estela C. Mateo, Ph. D, et. Al

Konsepto: Ang Pilipinas ay isang maliit na bahagi ng mundo tulad ng iba pang bansa na makikita sa mapa. Naninirahan sa Pilipinas ang halos lahat ng mga Pilipino. Ang Pilipinas ay binubuo ng tatlong malalaking grupo ng mga pulo ang Luzon, Visayas, at Mindanao.

Likas na maganda ang Pilipinas. Maliban sa mga magagandang tanawin na makikita dito, may maraming makasaysayang lugar din na maaring pasyalan. Maraming turista ang pumupunta rito. Nais nilang makita ang mga makasaysayang lugar natin. Nakapasyal ka na ba sa mga ligar na ito?

Kagamitan: Mapa ng Pilipinas, Manila papers, larawan, potted plant, audio player, cd tape, bondpapers, crayons,

Pamamaraan

Unang Araw

A. Panimulang Gawain

1. Pagbabalik-aral

- a. Iba't ibang kaugalian na nagpapakilala sa ating pagka-Pilipino.
- b. Iba't ibang tradisyon na ginagawa ng mga Pilipino noon hanggang ngayon.

2. Pagganyak

- a. Magpakita ng mapa ng Pilipinas sa pisara at itanong:
Ano ang inyong nakita sa pisara?
Ano-anong lugar sa mapa ang napuntahan n'yo na?
Ano-ano ang ginawa ninyo sa lugar na iyon?
(Paalala sa guro: Gamitin sa talakayan ang sagot ng mga bata na sila ay namamasyal.)

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

- a. Sabihin: Likas na maganda ang Pilipinas. Maliban sa mga magagandang tanawin na makikita dito may maraming makasaysayang lugar din na maaring pasyalan. Maraming turista ang pumupunta rito.

2. Pagtatalakay

- a. Magkaroon ng "Travel Show". Ipakita sa mga bata ang video clip ng Wow Philippines na pinamagatang "Biyaha Tayo!" na inawit at binidahan ni Regine Velasquez na makikita sa Youtube address na: <http://www.youtube.com/watch?v=QYafMQmne8w>.
- b. Itanong:
Ano tungkol ang video na inyong nakita?
Ano-anong mga lugar ang ibinida sa video?
Bakit kaya ang mga lugar na iyon ang piniling ibida sa video?
(Inaasahang sagot: Dahil sa kagandahang taglay nito at dahil ito ay makasaysayan at may pamanang kultural sa ating mga Pilipino)
Anong mensahe ang nais iparating ng video sa mga manonood?
Maliban sa mga lugar na ipinakita sa video, anu-anong mga magagandang lugar pa kaya mayroon ang Pilipinas?
Saan matatagpuan ang mga ito?
Bakit mo nasabi na ang mga lugar na ito ay magaganda?
Sa anong paraan mo maipagmamalaki ang kagandahang taglay ng ating bansa?

3. Paglalahat

Bakit mo nasabi na ang Pilipinas ay isang maganda at makasaysayang bansa?

4. Pagpapahalaga

Paano natin mapanatili ang kagandahan ng mga magagandang tanawin at makasaysayang lugar ng ating bansa?

C. Takdang Aralin

Ipaguhit at pakulayan sa kuwaderno ang isa sa mga magagandang tanawin ng ating bansa na gustong puntahan ng mga mag-aaral.

A. Panimulang Gawain

1. Pagwawasto ng takdang aralin

2. Pagganyak

a. Ipaskil sa pisara ang lyrics ng awiting “Byahe Tayo!”. Ipakita/Ipatugtog muli ang video at anyayahan ang mga bata na sumabay sa pag-awit.

b. Itanong:

Ano ang mensahe ng kanta?

Ano ang inyong nararamdaman habang inaawit ang kanta?

Maipagmamalaki mo ba ang kagandahang taglay ng ating bansa?

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

a. Sabihin: Maliban sa mga magagandang tanawin na makikita at dinarayo ng mga turista dito sa ating bansa mayroon ding mga makasaysayang lugar na maaaring puntahan. Ang mga lugar na ito ay kawili-wili dahil sa mga mahahalagang pangyayari na naganap dito na nagbibigay sa ating mga Pilipino ng pamanang cultural at nagsasabi tungkol sa kasarinlan natin bilang isang bansa.

2. Pagtatalakay

a. Magkaroon ng “Biyaheng Tayo!” raffle draw.

b. Maghanda ang guro ng isang tanim sa pasong may nakabitin na mga larawan ng mga makasaysayang lugar sa Pilipinas na nilalagyan ng mga numero.

c. Lagyan ng background information ang likuran ng bawat larawang nakabitin upang mayroong gabay ang bawat mag-aaral kung sakali hindi nila alam o kabisado ang sasabihin sa larawang nabunot.

d. Maghanda rin ang guro ng mga nakarolyong papel na may nakasulat na numero at ilagay ito sa maliit na kahon.

e. Tumawag ng mag-aaral na bubunot ng isang nakarolyong papel mula sa kahon. Ang bilang na nabunot ng bata ang siyang bilang sa larawan na kaniyang kukunin mula sa mga nakabiting larawan sa tanim.

f. Ilalahad ng bata ang kanyang nalalaman tungkol sa larawan gaya ng kung anong mahahalagang pangyayari ang naganap dito, saan ito matatagpuan, atbp. Kung limitado ang nalalaman ng bata tungkol sa larawan, ipabasa ang nakasulat sa likuran ng larawan upang mapalawak ang kaalaman ng lahat.

g. Bigyang diin ang kabutihang dulot ng bawat makasaysayang lugar sa pagkamit ng ating kasarinlan at pag-unlad ng ating bayan.

3. Paglalahat

a. Ano-ano ang mga makasaysayang lugar sa ating bansa?

b. Bilang mga Pilipino, ano ang kahalagahan ng bawat makasaysayang lugar sa atin?

4. Pagpapahalaga

Paano natin maipagmamalaki ang mga makasaysayang lugar sa ating bansa?

C. Takdang Aralin

Hikayatin ang mga bata na itanong sa kanilang mga magulang ang makasaysayang lugar na makikita sa kanilang barangay/lungsod/lalawigan at ang makasaysayang pangyayari na naganap dito.

Ikatlong Araw

A. Panimulang Gawain

1. Pagbabalik-aral

a. Balik-aralan ang mga makasaysayang lugar na tinalakay sa nakaraang araw.

2. Pagganyak

a. Itanong:

Sa inyong palagay, nakakatuwa ba na ang ating bansa ay nagkaroon ng mga makasaysayang lugar? Bakit?

Sa anong paraan nakakatulong ang mga ito sa pag-unlad ng ating bansa?

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

a. Pangkatin ang mga mag-aaral sa apat (4) na pangkat.. Bigyan ang bawat pangkat ng tsart na may talaan ng mga makasaysayang lugar sa bansa at mga puwang ng kanilang kinalalagyan.

b. Hikayatin ang mga mag-aaral na punan ang mga puwang sa tamang lugar kung saan matatagpuan ang bawat makasaysayang lugar sa bansa.

2. Pagtatalakay

a. Bigyan ng panahon ang bawat pangkat na maiulat ang nilalaman ng kanilang tsart.

b. Itanong:

Nahirapan ba kayo sa pagtukoy sa tamang kinaroroonan ng bawat makasaysayang lugar? Bakit?

c. Talakayin ang iba't ibang makasaysayang lugar sa bansa at ang mga kinaroroonan nito.

3. Paglalahat

a. Itanong:

Batay sa inyong napag-aralan, saan-saang lugar matatagpuan ang mga makasaysayang lugar sa bansa?

4. Pagpapahalaga

a. Itanong:

Bilang mga mamamayang Pilipino mahalaga bang malaman ang iba't ibang makasaysayang lugar sa bansa at kung saan ito matatagpuan? Bakit?

C. Takdang Aralin

Magdala ng mapa ng Pilipinas.

Ikaapat na Araw

A. Panimulang Gawain

1. Pagbabalik-aral

Mga makasaysayang lugar na napag-aralan

2. Pagganyak

- a. Magpakita ng malaking mapa ng Pilipinas sa pisara.
- b. Itanong:
Ano ang inyong nakita sa pisara?
Anong impormasyon ang makukuha natin sa mapa?

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

- a. Sabihin: Makikita sa mapa ang kinaroronan ng lahat ng makasaysayang lugar sa Pilipinas. Sa tulong ng mapa mas madaling matunton ng mga turista ang lokasyon ng bawat isa nito.

2. Pagtatalakay

- a. Gamit ang mga larawan ng mga makasaysayang lugar na nakatago/nakadikit sa ilalim ng upuan ng mga bata, atasan sila na tingnan ang ilalim ng kanilang upuan kung may nakadikit na larawan dito.
- b. Kung merong larawan, hikayatin sila na idikit ito sa tamang lugar sa mapang nakapaskil sa pisara.
- c. Itanong:
Nahirapan ba kayong hanapin sa mapa ang tamang kinalalagyan ng makasaysayang lugar na inyong nakuha? Bakit?
Ano-ano ang mga lugar na nahirapan kayong hanapin? Bakit?
Sa palagay ninyo, may mga paraan ba upang mas madaling matunton ang kinaroronan ng mga makasaysayang lugar ng bansa?
- d. Ipakuha sa mga bata ang mapa na dinala nila.
- e. Pangkatin ang mga mag-aaral sa limang (5) pangkat at bigyan ang bawat pangkat ng “flaglets”.
- f. Sa hudyat ng guro sabay-sabay ang mga mag-aaral na hanapin ang mga lugar na binigkas nito.
- g. Itataas ng mga mag-aaral ang kanilang flaglets kung nakita nila ang lugar na binigkas ng guro.

3. Paglalahat

a. Itanong:

Ano ang dapat gamitin upang ang isang lugar ay madaling matunton?

4. Pagpapahalaga

Mahalaga ba na malaman natin ang kinaroronan ng mga makasaysayang lugar sa bansa?

C. Takdang Aralin

Humanda sa pagsusulit bukas.

Ikalimang Araw

A. Panimulang Gawain

1. Pagbabalik-aral

Mga paksang napag-aralan sa pamagitan ng larong “Pinoy Henyo”.

B. Pagsusulit

A. Isulat sa sagutang papel ang makasaysayang lugar na inilalarawan sa sumusunod na pangungusap.

- _____ 1. Dito idinaos ang pagpupulong ng Kongreso noong panahon ng himagsikan.
- _____ 2. Natatanging libingan sa Pilipinas na itinayo ng misyonerong Pransiskano noong 1845.
- _____ 3. Ito ang dambana bilang pag-alala sa mga sundalong Pilipino at Amerikano na lumaban sa Hapones noong ikalawang digmaang pandaigdig.
- _____ 4. Dito unang lumaban ang mga Pilipino sa mga Espanol.
- _____ 5. Dito itinapon si Dr. Jose Rizal ng mga Espanol.
- _____ 6. Pinakamatandang kalye sa Pilipinas.
- _____ 7. Dito nilitis si Andres Bonifacio at ang kaniyang kapatid na si Procopio noong Abril 29, 1897.
- _____ 8. Dito itinayo ang Pacific War Memorial.
- _____ 9. Tirahan ng Pangulo ng Pilipinas.
- _____ 10. Dito ikinulong si Dr. Jose Rizal.

C. Takdang Aralin

Gumupit ng mga larawan ng iba't ibang makasaysayang pook sa Luzon, Visayas, at Mindanao at idikit ito isang drawing book.

Banghay Aralin sa Pagtuturo ng Araling Panlipunan III

Pangalawang Markahan

Ikasampung Lingo

Layunin

- Naiisa-isa ang ibat-ibang pangunahing makasaysayang lugar sa Luzon, Visayas, at Mindanao at ang lokasyon ng bawat isa nito
- Naipapaliwanag ang pinagmulan at kasaysayan ng pangunahing makasaysayang lugar at pamanang kultural ng mga Pilipino
- Nakaguguhit ng larawan na nagpamalas ng pagmamalaki sa mga makasaysayang lugar at pamanang kultural ng mga Pilipino
- Nakagagawa ng advertisement na nagpapamalas ng pagmamalaki sa mga pangunahing makasaysayang lugar at pamanang kultural ng mga Pilipino

Paksang Aralin

- A. Ang katutubong kultura at sining ng mga Pilipino sa ibat-ibang lugar
- B. Sanggunian :Katangiang Pilipino 2 ni Menardo O. Anda, Matapat na Pilipino 1 ni Grace Estela C. Mateo, Ph. D, et. al
- C. Konsepto :Maraming makasaysayang pook sa iba't-ibang dako ng Pilipinas. Naganap sa mga pook na ito ang mahahalagang pangyayari sa ating kasaysayan. Ang mga pook na ito ay nagpapaalala sa kagitingang ipinamalas ng mga Pilipino. Matatagpuan ang mga makasaysayang pook na ipinagmamalaki ng mga Pilipino sa Luzon, Visayas, at Mindanao.
- D. Kagamitan :Puzzle ng mapa ng Pilipinas, Manila papers, larawan, Audio player, cd tape, bondpapers, crayons

Pamamaraan

Unang Araw

A. Panimulang Gawain

1. Pagbabalik-aral

- a. Pangkatin ang mga bata sa limang (5) pangkat.
- b. Bigyan ang bawat pangkat ng “puzzle” ng mapa ng Pilipinas na bubuuin.
- c. Sa hudyat ng guro, ang bawat pangkat ay mag-uunahan sa pagbuo ng “puzzle.” Ang unang pangkat na matatapos sa gawain ang tatanghaling panalo.
- d. Itanong:
Anong larawan ang inyong nabuo?
Ano-ano ang tatlong (3) malalaking pulo ng Pilipinas?
Batay sa mapa anu-anong mga lugar ang makikita sa Luzon? Sa Visayas? Mindanao?

2. Pagganyak

- a. Magpaskil ng mga larawan ng iba't ibang makasaysayang pook ng Pilipinas sa pisara (Hal. Simbahan ng Barasoain, Underground Cemetery, Dambana ng Kagitingan, Corregidor, Palasyo ng Malacanang, Fort Santiago, Pulo ng Mactan, Fort Pilar, atbp.)
- b. Itanong:
Alin sa mga larawan ng mga makasaysayang lugar na nakapaskil sa pisara ang napuntahan n'yo na?
Bakit iyon ang pinuntahan ninyo?
(Paalala sa guro: Kung walang bata na nakapunta sa alin mang lugar na ipinakita ipagpatuloy ang pagtatanong.)
Alin sa mga makasaysayang lugar ang gusto ninyong puntahan? Bakit?

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

- a. Sabihin: May maraming makasaysayang pook sa Pilipinas. Dahil sa mga mahalagang pangyayari na naganap sa kasaysayan ng ating bansa, ang mga lugar na ito ay pinapahalagahan at priniserba upang magsilbing alaala sa ating mga ninuno na naghirap upang makamit ang ating kasarinlan. May mga makasaysayang pook na makikita sa Luzon, mayroon sa Visayas, at mayroon din sa Mindanao.

2. Pagtatalakay

- a. Pangkatin ang mga bata sa sampung (10) pangkat. Bigyan ang bawat pangkat ng makasaysayang lugar na may mga nakasulat na pahayag tungkol dito at Manila paper na may nakasulat na mga gabay na katanungan na sasagutin nga mga bata.
Hal.
Makasaysayang Lugar : _____
Lokasyon : _____
Makasaysayang pangyayari na naganap: _____
Paano ninyo mapangangalagaan ang makasaysayang lugar na ito : _____
- b. Pagkatapos ng gawain, bigyan ang tagapag-ulat ng bawat pangkat ng panahon na ilahad ang kanilang gawain.
- c. Ginagabayan ng guro ang paglalahad ng mga taga-ulat ng mga pangalan ng tao, petsa, at lugar na mahalaga sa bawat makasaysayang lugar upang maging makabuluhan ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa paksang pinag-aralan.

3. Paglalahat

- Ano-ano ang mga makasaysayang lugar sa Luzon?
Ano-anong makasaysayang pangyayari ang naganap sa bawat isa nito?
Anong kahalagahan ang naidulot ng mga pangyayaring ito sa ating bansa?

4. Pagpapahalaga

Paano natin mapangangalagaan ang mga makasaysayang lugar sa ating bansa?

C. Takdang Aralin

Ipaguhit sa mga bata sa kanilang kuwaderno ang kanilang gagawin upang maipakita ang kanilang pagmamahal at pangangalaga sa mga makasaysayang lugar sa bansa.

Ikalawang Araw

A. Panimulang Gawain

1. Pagwawasto ng takdang aralin

2. Pagganyak

a. Magdikit nga mga larawan ng mga makasaysayang lugar sa Visayas at Mindanao sa dingding ng silid-aralan.

b. Dalhin ang mga bata sa isang “Carousel Walk” paikot sa mga larawan na nakadikit sa dingding.

c. Itanong:

Alin sa mga larawan ng mga makasaysayang lugar na nakadikit sa dingding ang napuntahan n'yo na?

Bakit iyon ang pinuntahan ninyo?

Alin sa mga makasaysayang lugar ang gusto ninyong mapuntahan? Bakit?

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

a. Sabihin: Maliban sa Luzon, may mga makasaysayang lugar din sa Visayas at Mindanao. Bilang mga Pilipino, mahalagang mapangalagaan natin ang mga makasaysayang lugar ng ating bansa.

2. Pagtatalakay

a. Pangkatin ang mga bata sa walong (8) pangkat. Ipasadula sa bawat pangkat ang makasaysayang lugar sa Visayas at Mindanao na ibinigay sa kanila.

Pangkat 1: Sanduguan-Tagbilaran

Pangkat 2: Himagsikan sa Santa Barbara

Pangkat 3: Pulo ng Mactan

Pangkat 4: Balangiga

Pangkat 5: Kalye ng Kolon

Pangkat 6: Fort Pilar

Pangkat 7: Dambana ng Dapitan

Pangkat 8: Karim Ul-Makdum Mosque

b. Pagkatapos ng pagtatanghal ng bawat pangkat tanungin ang ibang mga mag-aaral upang mapalawak ang talakayan:

Tungkol saan ang dula?

Saan naganap ang pangyayari na ipanakikita sa dula?

Sinu-sino ang mga indibidwal na sangkot sa bawat makasaysayang pangyayari na ipinakikita?

- c. Ginagabayan ng guro ang mga mag-aaral sa talakayan upang masiguro na tama ang paglalahad ng mga pangalan, petsa, at lugar sa bawat makasaysayang lugar at upang maging makabuluhan ang kanilang pag-unawa sa paksang pinag-aralan.

3. Paglalahat

- a. Ano-ano ang mga makasaysayang lugar sa Visayas? Sa Mindanao?
- b. Bilang mga Pilipino, ano ang kahalagahan ng bawat makasaysayang lugar sa atin?

4. Pagpapahalaga

- a. Paano natin mapangangalagaan ang mga makasaysayang lugar sa ating bansa?

C. Takdang Aralin

Ipasabi sa mga bata kung bakit makasaysayan ang sumusunod na lugar. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

1. Pulo ng Mactan
2. Fort Pilar
3. Dambana ng Kagitingan
4. Sanduguan ng Tagbilaran

Ikatlong Araw

A. Panimulang Gawain

1. Pagbabalik-aral

- a. Gawin ang “Show and Tell” sa klase. Maghanda ng isang kahon na may laman na mga larawan ng makasaysayang lugar.
- b. Tumawag ng bata upang bumunot ng larawan sa kahon.
- c. Ipabahagi sa bata ang makasaysayang lugar at pangyayari na naganap batay sa ipinakikita ng larawang nabunot.


2. Pagganyak

- a. Ipatugtog/Iparinig sa klase ang awiting “Piliin Mo ang Pilipinas” ni Angeline Quinto. (Paalala sa guro: Kung maaari isulat sa tsart ang lyrics ng awitin upang makasabay ang mga mag-aaral sa tugtog.)
- b. Itanong:
Ano tungkol ang awitin?
Para kanino ang awitin?
Ayon sa awitin, bakit kailangan piliin ang Pilipinas?

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

- a. Gamit ang “graphic organizer” na nakadikit sa pisara, sabihin sa mga bata na isulat sa “meta strips” na inihanda ng guro ang mga salitang naglalarawan sa Pilipinas ayon sa awiting “Piliin Mo ang Pilipinas” at idikit ito sa mga bilog na nakapalibot sa salitang Pilipinas.



2. Pagtatalakay

- a. Itanong:

Anong mga salita ang naglalarawan sa Pilipinas ayon sa mga nakasulat sa “graphic organizer”?

Masasabi ba natin na ang Pilipinas ay isang magandang bansa? Bakit?

Sa anong paraan mo maipakikita na iyong ipinagmamalaki ang mga pangunahing makasaysayang lugar ng bansa?

- b. Ipaguhit sa mga bata sa isang pirasong bondpaper ang larawan na nagpapakita na kanilang ipinagmamalaki ang mga makasaysayang lugar ng Pilipinas.
- c. Bigyang panahon ang mga bata na ipaliwanag ang kanilang ginawa.

3. Paglalahat

- a. Itanong:

Ano-ano ang mga katangian ng ating mga makasaysayang lugar?

Bilang mga Pilipino, paano natin maipakikita na ating ipinagmamalaki ang mga makasaysayang lugar ng ating bansa?

4. Pagpapahalaga

- Itanong:

Dapat ba nating ipagmalaki ang ating makasaysayang lugar? Bakit?

C. Takdang Aralin

Pagupitin ang mga bata ng isang patalastas mula sa lumang magazine at ipadikit ito sa kuwaderno.

Ikaapat na Araw

A. Panimulang Gawain

1. **Pagwawasto ng takdang aralin**
2. **Pagganyak**
 - a. Magpakita ng isang patalastas.
 - b. Itanong:
Ano tungkol ang patalastas?
Ano ang layunin ng isang patalastas?

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

- a. Sabihin: Layunin ng patalastas na ipakilala at ilahad ang kagandahang taglay ng isang produkto, serbisyo, lugar, atbp.

2. Pagtatalakay

- a. Pangkatin ang mga bata sa limang (5) pangkat.
- b. Sabihin ang bawat pangkat na pumili ng isang makasaysayang lugar at gumawa ng patalastas tungkol dito.
- c. Bigyan ang bawat pangkat ng sapat na oras na mag-insayo at magtanghal.

3. Paglalahat

Madali bang gawan ng patalastas ang ating mga makasaysayang lugar? Bakit?

4. Pagpapahalaga

Bakit hindi natin dapat ikahiya ang ating mga makasaysayan lugar?

C. Takdang Aralin

Humanda sa pagsusulit bukas.

Ikalimang na Araw

A. Panimulang Gawain

1. Pababalik-aral

- a. Idikit ang mga larawan ng mga makasaysayang lugar sa pisara.
- b. Pabunotin ang mga bata ng word card na may nakasulat na pangalan ng makasaysayang lugar at idikit ito katabi sa larawan na kapares nito.

2. Pagganyak

- a. Ipaawit ang awiting “Piliin Mo ang Pilipinas”.

B. Pagsusulit

- A. Isulat sa sagutang papel ang titik ng lalawigan sa Hanay B kung saan makikita ang mga larawan sa Hanay A.

Hanay A

Hanay B

1.

Pic. of monument ni
Lapu-Lapu

a. Bulacan

- b. Bataan
- c. . Zamboanga

d. Cebu

e. Tawi-Tawi

2.

Pic. of Barasoain Church

3.

Pic. of Dambana ng Kagitingan

4.

Pic. of Dambana ng Dapitan

D. Bakit makasaysayan ang sumusunod na pook? Piliin ang tamang titik at isulat sa sagutang papel.

1. Epifanio delos Santos Avenue (EDSA)
 - a. Dito mamatagpuan ang Metro Rail Transit o MRT.
 - b. Dito dumaraan ang lahat ng sasakyang pandagat.
 - c. Dito nangyari ang mapayapang “People Power Revolution”.
2. Fort Santiago
 - a. Ito ay isang pook pasyalan sa lungsod ng Maynila.
 - b. Dito ikinulong ang ating pambansang bayani na si Dr. Jose P. Rizal
 - c. Maraming sundalo rito na naghahanda sa oras ng digmaan.
3. Palasyo ng Malacanang
 - a. Ito ay matatagpuan malapit sa Ilog Pasig.
 - b. Ito ang opisyal na tirahan ng Pangulo ng Pilipinas.
 - c. Dito nagmimiting ang lahat ng opisyal ng Pilipinas.
4. Pasong Tirad
 - a. Ipinagtanggol ito ni Heneral Gregorio del Pilar laban sa mga Amerikano.
 - b. Madaraan ito kung pupunta ka sa Lungsod ng Maynila.
 - c. Kilala ang lugar na ito sa mga murang isda.

C. Takdang Aralin

Gumawa ng scrapbook ng mga makasaysayang pook sa Pilipinas.

